# Ang Ikaapat na Tatak

Magandang gabi. Iyukod natin ang ating mga ulo ngayon sandali lamang, para sa panalangin.

2 Aming mapagbiyaya at Amang Makalangit, muli kaming lumalapit sa Iyo ngayong gabi, ngayon, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, upang magbigay sa Iyo ng pasasalamat para sa panibagong araw. At humihiling kami ngayon para sa Iyong mga pagpapala sa gawain ngayong gabi. Hayaang ang Banal na Espiritu ay pumarito at ibigay sa amin ang pagpapaliwanag ng mga bagay na ito na aming hinahanap ng buong sikap. O Diyos, maging napakahalaga nawa nito na kaming lahat ay makakapagtipon sa palibot ng Salita sa gayon na lamang paraan, na, kapag kami'y lumisan, masasabi naming, "Hindi baga nag-alab ang ating mga puso sa loob natin habang Siya'y nangusap sa atin sa daan?" Pinasasalamatan Ka namin para sa naging kung ano Siya sa amin, at nagtitiwala na Siya'y mananatiling kasama namin habang kami'y naglalakbay, sapagka't hinihiling namin iyan sa Pangalan ni Jesus. Amen.

3 Napakasayang makabalik sa bahay ng Panginoon, ngayong gabi, sa gawain muli! At tayo'y nagagalak. Masayang masaya ako na . . .

4 Inisip na lang na ang Isang ito ay hindi darating, ngunit sa wakas Ito'y dumating din. At labis akong nagpapasalamat, na bilang ang panghuli sa apat na mangangabayong iyon, na sa palagay ko isa sa mga pangunahing Mensahe sa Iglesya sa panahong ito.

5 Hindi ko alam kung ano ang Isa pa. Kinukuha ko lamang ito sa bawat araw, kapag inihahayag lang Niya Ito. Nagsisikap ako na—na ibigay Ito, sa pamamagitan ng . . . tulad ng pagkakabigay Niya sa akin Nito.

6 Ikinalulugod ba ninyo ang—ang pagpapala? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Napansin n'yo ba kung paanong Ito'y sadyang, sa pakikipag-ugnay kasama yaong mga kapanahunan ng iglesya, sadyang kung paanong Ito'y ganap na umakma ng lubusan sa kanila? Iya'y kung paano ito . . . Sa akin, nagpapakita ito na ito'y—ito'y ang siya ring Banal na Espiritu na nagbigay sa mga kapanahunan ng iglesya, ang siya ring Banal na Espiritu kung gayon na nagbibigay Nito, kita n'yo, pagka't magkasama itong tumugma; lahat ay isang malaking gawa ng Diyos na, ipinakikita ang Kaniyang Sarili sa iba't-ibang mga kaparaanan.

7 Pansinin ninyo, nang ipinakita Niya ang Kaniyang Sarili kay Daniel, sa mga pangitain, magkakaroon ng isang paglalarawan ng isang bagay, tulad ng isang—isang kambing sa dakong ito, o marahil isang punong-kahoy; at ang susunod na dako ito'y

maaaring isang estatwa. At—at—at mga bagay na Kaniyang ginawa, ginagawa itong, gayun ding bagay sa lahat ng pagkakataon, tiyakin lamang na hindi natin ito malalampasan.

8 Ngayon, talagang nangilig ako sa tuwa mga ilang sandali lamang ang nakalilipas, nakikipag-usap ako sa isang munting babaeng nakaupo rito, mga walumpu't-limang taong gulang. At siya'y . . .

9 Hindi pa katagalan, bago lamang ako umalis upang pumunta sa kanluran, kung bakit, mayroong isang—isang munting batang babae roon sa Ohio, na, palagay ko, na nag-aagaw buhay sa huling yugto ng luekemia. Ngayon, ang leukemia ay isang kanser na dumadaloy sa dugo. At, naku, ang munting bagay ay, alam n'yo, isang kakila-kilabot na kalalagayan, na wala ng pag-asa pa para sa kaniya sa anumang paraan. Pinapakain nila siya sa kaniyang mga ugat, ang operasyon. At kaya sila talaga ay isang mahirap na pamilya. At sila'y . . .

10 Si Gng. Kidd, dito, at si Kapatid na Kidd, sinabi nila sa kanila ang tungkol sa Panginoong tumutugon ng panalangin ng lubos. At nagsama-sama sila, palagay ko, at umupa ng isang tao, at dinala ang munting batang babae. At siya ay napakagandang munting batang babae, mga, oh, anim, pitong taong gulang. [Isang kapatid na babae ang nagsabing, "Siyam na taon."—Pat.] Siyam na taon. At—at nasa likuran siya roon sa silid. At ang . . .

11 At nang kami'y tumungo sa harapan ng Panginoon, ang Banal na Espiritu ay nagbigay ng isang salita sa kaniya. At kailangan nilang kunin siya, at kailangang kunin siya at pakainin siya, alam n'yo na, gayong paraan. At nang umalis siya, umiiyak siya para sa isang hamburger, at, kaya, kinakain ang pagkain niya sa pamamagitan ng bibig. At ibinigay nila sa kaniya ang hamburger, at nagpatuloy lamang na pinakakain siya ng natural.

12 Sa maikling panahon, mga ilang araw, ibinalik nila siya sa doktor. At sila'y . . . Sadyang hindi magawang maunawaan ng doktor. Sabi niya, "Parang hindi siya, parang hindi talagang siya ring dating batang babae." Sabi niya, "Aba, walang— walang kahit isang bakas ng leukemia roon, talagang wala kahit saan, talagang wala kahit saan." Kaya, at, siya'y nag-aagaw-buhay na. Isinuko na nila siya; pinakakain lamang siya sa kaniyang mga ugat. Nagkulay dilaw na siya. Alam ninyo kung nagiging paano sila. At kaya sila'y . . . At ngayon nasa paaralan siya, nakikipaglaro sa iba pang mga bata, sadyang kasing saya ng gayon na lamang.

13 Nakapagpapaalala sa akin ng isa pang kasong ganiyan. Isang araw, kauuwi ko lang, mayroong isang . . . Kung hindi ako nagkakamali, sila ay maaaring alin sa dalawa mga Episkopalyan o Presbiteryan na mga tao, na nagdala ng isang munting batang babae mula sa Kansas. At inayawan na siya ng mga doktor,

may leukemia. At tinaningan nila siya, palagay ko, ng apat na araw upang mabuhay; naging napakagrabe niya. Kaya't sinabi nilang iuukol na lamang nila iyung apat na araw sa pagpunta rito, sa mga maniyebeng pampang at mga bagay, sa kabilang bahagi ng lalawigan, upang siya'y maipanalangin. At ang lolo, isang napakakaaya-ayang masdan, nakatatandang lalaki, ubanin ang buhok.

14 At dala-dala nila siya, mga, dalawang araw na, dito sa isang maliit na motel. Ako—palagay ko hindi na iyan nakatayo roon ngayon, sa bahaging ito ng Silver Creek. At kaya ako'y nagtungo nang gabing iyon upang manalangin para sa kaniya. Maaga iyon sa kinaumagahan. Dumating ako nang gabing iyon, mula sa kabayanan, at nagtungo. At ang nakatatandang ama. . .lolo ay naglalakad sa sahig. At, ang ina, sinisikap na pangalagaan ang anak.

15 At habang nakaluhod ako upang manalangin, inihayag sa akin ng Banal na Espiritu ang isang lihim na sa pagitan ng—ng ina at ng ama, ng isang bagay na kanilang nagawa. Tinawag ko sila sa tabi at tinanong sila tungkol rito. Nagsimula silang umiyak, sabi, "Iya'y Tama."

16 Pagkatapos lumingon siya, at nakita ko ang munting batang babae na nagluluksong—lubid, na nagpapatuloy, naglalaro. At ngayon ang munting bata. . .Sa mga tatlong linggong panahon, pinadalhan nila ako ng larawan ng munting batang babae, bumalik sa paaralan, nagluluksong-lubid, at wala nang luekemia, wala na nga.

17 Ngayon, ngayon, ang mga patotoong iyan ay ganap talagang katotohanan, kita n'yo. Kaya, talagang tunay ang ating Diyos, kita n'yo. Paglingkuran lamang natin Siya at—at paniwalaan Siya. At—at ako—alam ko na Siya'y tunay.

18 Ngayon, sinisikap kong gawin ang buong makakaya ko ngayon, at habang may bagay, sa dakong loob, sa atin, na patuloy gumagawa ng paraan Nito sa pagkilos. At ngayon sisikapin natin, ngayong gabi, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, na kunin itong Ikaapat na Tatak, at tingnan kung ano ang maaring sabihin ng Banal na Espiritu sa atin, ayon dito.

19 Ngayon babasahin ko ang—ang Apocalipsis, ang ika-6 na kabanata, at simula sa ika-7 talata; ika-7 at ika-8. Mayroon palaging dalawang talata; ang una ay ang anunsiyo, at ang ikalawang talata ay kung ano ang kaniyang nakita.

> *At nang buksan niya ang ikaapat na tatak, ay narinig ko ang tinig ng ikaapat—ikaapat na nilalang na buhay na nagsasabi, halika't tingnan.*
>
> *At tumingin ako, at narito ang isang kabayong maputla: at ang nakasakay dito* (ang nakasakay) *ay may pangalang Kamatayan, at ang Hades ay sumusunod sa. . .kaniya. At sila'y pinagkalooban ng kapamahalaan*

*sa* apat na bahagi *ng lupa, na pumatay sa pamamagitan ng tabak, at ng gutom, at ng kamatayan, at ng . . . mga hayop sa lupa.*

20 Ngayon, tulungan tayo ngayon ng Panginoon upang unawain Ito. Ito ay isang hiwaga.

21 Ngayon, isang munting paunang pagpapakita lamang, upang sumuporta, tulad ng ginawa natin sa mga kapanahunan ng iglesya, itong mga mangangabayo at itong pagbubukas nitong mga Tatak. Ngayon, upang makuha lamang natin iyan sa isipan natin, pag-usapan ng kaunti hanggang madama natin na tamang pagkakataon na ito upang mangusap.

22 Ngayon, napansin natin ngayon, na, ang pagbubukas ng mga Tatak, ito'y ang natatakang Aklat ng Katubusan. At pagkatapos ang Aklat ay binilot tulad ng isang balumbon ng mga papel na may sulat, tulad lamang ng matandang kaparaanan.

23 [Ipinakikita ni Kapatid na Branham ang pagbibilot at pagtatatak ng isang balumbon ng mga papel na may sulat, sa paggamit ng mga pilas ng papel—Pat.] Ito'y hindi isang aklat ng *ganitong* uri; sapagka't ito ay kamakailan lamang dumating, ang ganitong mga klase ng mga aklat, sa huling, oh, sa hula ko ay isangdaan at limampung taon, o anupaman, dalawang daan. At pagkatapos bibilutin nila ito, pagkatapos iiwan ang dulo na maluwag. Tulad ng sinabi ko sa inyo kung paano ito nagawa, at ang mga Kasulatan, kung saan ito matatagpuan, at sa Jeremias, at iba pa. Pagkatapos ang sumunod ay binilot paikot, pagkatapos ang dulo ay iniwang hindi malinaw, at ito'y *paganiyan*.

24 At bawat isa ay isang Tatak. At ito ay isang Aklat na may pitong tatak, at ito ay isang . . . Walang sinuman . . . Nang sila ay . . . Ito ay ang Aklat ng Katubusan na may pitong tatak. Pagpaumanhinan ninyo ako.

25 At, pagkatapos, walang sinuman sa Langit o sa lupa, o sa ilalim ng lupa, ang karapat-dapat upang magbukas Nito o ni tumingin man lang Dito. At si Juan ay nanangis, sapagka't wala siyang masumpungang tao . . . Sapagka't, kung ang Aklat na iyan ay hindi makuha sa kamay ng orihinal na May-ari . . . Kung saan, Iyan ay naiwala ni Adam at Eva, at bumalik, matapos nilang ipagpalit ang mga karapatan nila sa Salita, ang mga pangako, ang kanilang mana.

26 Kanilang, tandaan, kontrolado nila ang lupa. Siya ay isang—siya ay isang maliit na diyos, pagka't siya ay isang anak ng Diyos. At ang isang anak ng Diyos ay isang—isang—isang maliit na diyos. Ngayon, iyan ay hindi salungat sa Kasulatan. Alam ko na sa pandinig iyan ay kakatwa.

27 Ngunit sabi ni Jesus, "Kung tinatawag n'yo sila, na siyang dinatnan ng Salita ng Diyos . . . " At sa ano dumating ang Salita ng Diyos? [Kongregasyon nagsabi ng, "Mga Propeta."—Pat.] Ang

mga propeta. "Kung tinatawag n'yo sila, na siyang dinatnan ng mga Salita ng Diyos, 'mga diyos,' paano n'yo Ako hahatulan kapag sinabi Kong Ako ang Anak ng Diyos?" Kita n'yo?

At, ngayon, sila'y mga diyos.

28 At ang tao, kung ikaw ay naipanganak sa pamilya ng iyong apelyido, ikaw ay isang anak na lalaki, at bahagi ng iyong ama.

29 At pagkatapos—pagkatapos nang ang kasalanan ay pumasok, natagpuan natin na tinawid ng tao ang bangin. At—at ang dugo ng mga toro at mga kambing, ay tumakip, ngunit hindi napatawad. Hanggang sa, ang tunay na Pampaputi ay dumating, na makapag-aalis ng mantsa ng kasalanan at lubusan itong winasak na mga pira-piraso, at ibinalik ito tungo sa orihinal niyang tagapaglihis, iyan ay si Satanas.

30 Kapag bumalik ito kay Satanas, hihintayin niya ang oras niya ng Walang Hanggang pagkapuksa. Ngayon, iyan ay nagpapakita kung anong pinaniniwalaan natin. Naniniwala tayo na talagang mawawala siya ng lubusan at mapupuksa.

31 Naniniwala siya na ang kasalanan ay mawawasak. At kapag naipagtapat ito, sa saligan ng Dugo ni Jesus Cristo, tulad ito sa paglalagay ng isang patak ng tintang itim sa isang karamihang pampaputing Clorox na pampaputi. Winawasak niya ito tungo sa pagiging mga kemikal, at ito ay tuluyang ibinabalik kung saan ito nagmula. Kita n'yo? At iyan ang paraang ginagawa ng Dugo ni Jesus Cristo.

32 Pagkatapos, iyan ang naglalagay sa isang tao sa kabila ng bangin muli, bilang isang anak ng Diyos. Kita n'yo? At pagkatapos siya—pagkatapos siya'y nagiging isang—isang. . . Bakit, maging siya. . . Ang mapanglikhang kapangyarihan ng Diyos ay nasa kaniya. At, papaano't papano man, sa tuwing maiuutos ito ng Diyos na maganap, ito ay magaganap. At tayo'y bumalik. Iya'y nang ang—ang. . .

33 Si Moises, sa ilalim ng dugo ng mga toro; at nang makatagpo niya iyang Liwanag, ang Haliging Apoy sa nag-aalab sa palumpong na iyan. At tumayo siya, sa dako roon, sa isang kautusan na ibinigay sa kaniya ng Diyos. At siya ay isang propeta. At nang dumating ang Salita ng Diyos sa kaniya, siya'y nagsalita, at maging mga bagay ay nalikha sa pamamagitan ng Salita. Kita n'yo?

34 Ngayon, kung gagawin nito iyan sa ilalim niyan, ang dugo ng mga toro, paano naman ang Dugo ni Jesus? Hindi tinakpan; kundi pinatawad ito, ng ganap. At tumayo ka sa Presensiya ng Diyos, bilang isang tinubos na anak na lalaki. Ngayon, kita n'yo, napakalayo ng Iglesya sa pamantayan niya ng pamumuhay. At palagay ko, napakaraming pagkakataon, nagpapaikot-ikot tayo sa halip na talagang lumabas at harapin ang usapin.

Mayroon akong isang bagay na nais kong sabihin, at ako—sasabihin ko sa takdang oras.

35 At ngayon pansinin na mayroong isang bagay na mali kung saan sa mga iglesya. At palagay ko ito'y ang denominasyonal na mga sistema na pumilipit sa kaisipan ng mga tao, at iba pa, hanggang sa hindi na nila alam kung paano gawin ito! Iya'y tama.

36 Ngunit pinangakuan tayo na Ito ay mahahayag. At ngayon mayroong Pitong Tatak na naitatak sa Aklat na ito. At ang Pitong Tatak na iyon ngayon . . .

37 At pagkatapos makaraang ang Pitong Tatak na ito ay makumpleto, natuklasan natin, sa Apocalipsis 10, mayroong pitong mahihiwagang Kulog na inutos kay Juan upang isulat, ngunit kapagdaka'y ipinagbawal na isulat ang mga iyon. At sa panahon ng mga Kulog na iyon, nakita natin si Cristo, o, "Ang Anghel na bumabang may isang bahaghari, at inilagay ang Kaniyang mga paa sa lupa at sa dagat, at nanumpa na ang oras ay tapos na, sa panahong iyan."

38 At pagkatapos nakita natin—nakita natin, na sa paghahayag ng mga Tatak, na iniwan na ng—ng Cordero ang gawain Niyang pamamagitan bilang isang Tagapamagitan, at dumating ngayon upang angkinin ang Kaniyang mga karapatan, lahat na tinubos Niya sa pamamagitan ng Kaniyang kamatayan.

39 At, pagkatapos, walang sinumang makapagbubukas ng Aklat. Walang nakaunawa Nito. Ito'y isang Aklat ng Katubusan. At ang Diyos na Ama, Espiritu, ay tangan Ito sa Kaniyang kamay, sapagka't si Cristo ay nasa Trono bilang isang Tagapamagitan, ang tanging Tagapamagitan. Kaya nga, hindi maaring magkaroon ng santo, walang Maria, walang Jose, walang anupamang bagay, sa dambanang iyan, sapagka't ito ay ang Dugo. At tanging ang Dugo ni Jesus ang makagagawa ng katubusan, kaya walang anupamang makatatayo bilang isang Tagapamagitan. Iya'y tama. Wala nang anupamang bagay.

40 Kaya lahat ng ideyang ito ng pamamagitan ni Judas para sa pulitika, at pamamagitan ni Santa Cecilia para sa ibang bagay pa, walang kabuluhan iyan. Iya'y hindi . . . Ako—hindi ko sinasabing silang mga tao ay hindi tapat at sinsero. Hindi ko sinabing hindi kayo sinsero sa paggawa ninyo nito, kung kayo nga. Ngunit, mali kayo, kayo'y—kayo'y sinserong mali. At anumang bagay . . .

41 Sinasabi nilang, "Buweno, itong—itong Anghel, ito—ito'y nagpakita kay San Bonifer at sinabi *ito, iyan*, at ang *iba pa*. At dapat nilang sabihin *ito*." Hindi ko pinag-aalinlanganan iyan kahit kaunti, sa isipan ko, ngunit ano'ng nakita ng isang tao sa pangitain. Ako—hindi ko pinag-aalinlanganan kung ano'ng nakita ni Joseph Smith sa pangitain, ngunit ito ay hindi

nakabatay sa iba pang Salita. Kaya kung gayon, sa akin, mali ito. Kita n'yo? Kailangan itong umayon sa iba pang Salita.

42 Sa ganiyang paraan ang mga kapanahunan ng iglesya, at mga Tatak, at lahat ng iba pa Nito. At kapag ang sinumang tao ay nag-iisip na mayroon siya ng Pitong Kulog na iyan, kung ito'y hindi akma sa iba pang Salita, mayroong isang bagay na mali. Kita n'yo? Kailangan itong dumating, GANITO ANG SABI NG PANGINOON, pagka't *Ito* ang Aklat. *Ito* ang Kapahayagan ni Jesus Cristo, sa kabuuan Nito.

Ngayon, ako—naniniwala ako kung gayon na ang Cordero ay dumating.

43 Hindi nila alam. Si Juan ay umiiyak. Wala siyang matagpuang sinuman, sa Langit, sa lupa, pagka't lahat ay nasa kabilang bahagi ng bangin, kita n'yo, kasalanan. Walang tao. . . At isang Anghel, siyempre, magiging karapat-dapat Siya, ngunit, gayunman, kailangan itong isang Malapit na Kamag-anak. Ito'y kailangang isang tao. At walang gayong bagay, pagka't bawat tao ay ipinanganak sa pamamagitan ng pagniniig.

44 Kailangang kumuha Siya ng Isang ipinanganak na wala iyan. Kaya ang Diyos Mismo'y kinuha iyan, sa birheng kapanganakan, at naging Emmanuel. Ang Dugo Niya ang Siyang karapat-dapat. Pagkatapos ng tawirin Niya ang bangin na ito, Siya Mismo, at binayaran ang halaga at tinulayan ang daan para sa iba pa sa atin, pagkatapos Siya'y lumuklok, upang maging Tagapamagitan. At Siya ay matagal ng nakaupo rooon.

45 At ang Aklat sa katotohanan ay matagal nang nakasara, sa lahat ng panahong iyan. Ito'y naroon, datapuwa't Ito'y nasa mga sagisag pa rin. Nakita nila Ito. Maging si Juan ay nakita Ito. Ang anunsiyo, nang ang una ay lumabas, sabi niya, "Isang puting kabayo ang lumabas; mayroon siyang isang nakasakay sa kaniya; mayroong isang busog sa kaniyang kamay." Iya'y isang sagisag. Hindi iyan nahayag. Hindi. Isang sagisag lamang iyan. At, sa sinumang tao sa ibabaw ng lupa, iyan lang lahat ang masasabi niya. Iya'y tama. Maari siyang matisod at malito, walang pag-aalinlangan, tumama kung saan *dito* o *doon*, at matapos ang ilang panahon.

46 Ngunit nalaman natin, pagkatapos, na sa Aklat ng Kapahayagan, "Sa Mensahe ng ikapitong anghel, ang mga hiwaga (lahat ng mga hiwaga Nito) ay marapat ng mahayag sa panahong iyan." Ngayon, iya'y Apocalipsis 10:1-7, na Ito'y marapat na mahayag batay sa panahong iyan, sa panahong iyan nang magawa Niya.

47 Pagkatapos ay binigkas nang Pitong Kulog ang kanilang di-karaniwang mga tinig, at isusulat ni Juan. Ngunit, alam ni Juan kung ano Iyon, ngunit siya—hindi niya isinulat Ito pagka't siya'y pinagbawalang isulat Ito. Iya'y ganap, at sa kabuua'y, isang

hiwaga. Ni wala man lang Ito sa sagisag o anuman. Alam lang natin na Siya . . . Kumulog, iyan lang lahat.

48 At ngayon sa pag-aaral nito ngayon, huwag kalilimutan, ngayon, Linggo, o Linggo ng umaga, inalis natin ang serbisyo sa pagpapagaling dahil sa pagkakaroon ng mga sagot sa mga—sa mga katanungan ng mga tao. Ngayon, nais kong magkaroon kayo ng isang katanungan sa Pitong Tatak na ito, kung nililigalig kayo nito, isang bagay na hindi ninyo nauunawaan. Ilagay natin iyan sa Pitong Tatak. Pagkatapos masasabi ko, sa Sabado ng gabi, kung sapat iyan upang— upang sagutin sila, o hindi, kita n'yo. At pagkatapos ngayon lamang, sabihin lamang, buweno, tungkol sa iba pang bagay, o, "Gagawin ko ba *ito*?" O-o, maaaring nagkaroon ng isang panaginip. Ang mga iyon, lahat ng mga iyon ay karapat-dapat na mga bagay, ngayon, tandaan. Karapat-dapat sila na mga bagay. Ngunit manatili tayo mismo sa Pitong Tatak. Diya'y kung saan tayo naroroon. Ating . . . Diya'y kung ano—ang pagkakatipon ay itinakda para riyan, ang Pitong Tatak. Manatili tayo mismo Riyan.

49 Kailangan kong umuwi, kailangang magkaroon ng ilang mga pagtitipon sa kanluran. Babalik muli ako pagkatapos, sa maikling mga higit sa isang buwan o dalawa, o anumang gaya niyan, at marahil ay pahihintulutan ng Panginoon na magkaroon tayo ng ilang bagay pa riyan, marahil isang gawaing pagpapagaling o iba pa pagkatapos, o anuman ang ating . . . anuman ito.

50 Pagkatapos mayroon tayong Pitong Trumpeta rito, na darating pa lang, kita n'yo. At lahat ng mga iyon ay nanggaling doon, din. At ang Pitong Mangkok, kita n'yo, ibubuhos. Kaya, at lahat ng ito'y magkakalakip-lakip mismo rito, ngunit lahat ng ito'y mahiwaga pa.

51 Ngayon, kagabi . . . Nakita natin na ang Unang Tatak ay nagtungo, at ang nakasakay . . . At ang Panginoon . . . Kaya tulungan ako, hindi ko alam ito noong una. Wala sa mga bagay na ito ang nalaman ko noong una. Iya'y tama. At sadyang hindi ko alam.

52 Umakyat lamang doon, at kinuha ang Biblia at umupo, at umupo roon hanggang Ito ay dumating sa pagbubukas tulad niyan. Kinuha ko lamang ang panulat ko at nagsimulang magsulat. At nanatili lamang doon, marahil mga ilang oras, hanggang Ito'y—Ito'y matapos.

53 Pagkatapos bumalik ako, at natuklasan ko, nang nakita ko kung saan Niya sinabi Ito. Naisip ko, "Buweno, parang nakita ko na iyan kung saan." Kinuha ko ang konkordans ko, nagtungo sa paghahanap doon. "Mayroon bang bagay tulad Niyan? At narito Iyan mismo *rito*. At pagkatapos narito Ito sa banda *rito* muli. At narito Ito sa pagbabalik *dito*, at sa ibaba *rito*, at banda *rito*." Pagkatapos ay pinag-ugnay ko lamang Iyan. Alam kong

iya'y sa Diyos, hangga't Iya'y paghahambing ng Kasulatan sa Kasulatan. Ganiyang paraan Ito kailangang magawa. Sadyang tulad ng pagtatayo ng isang gusali, ang mga bato ay kailangang lumapat, bato sa bato.

54 Ngayon, kagabi nakuha natin ang pagbubukas ng—ng Ikatlong Tatak. Una ay isang maputing kabayo, at ang sumunod ay isang mapulang kabayo, at pagkatapos ay isang maitim na kabayo. At natuklasan natin na ang mga nakasakay ay ang siya ring mangangabayo, sa lahat ng panahon; at iyan ay ang anti-cristo, sa simula pa. Wala siyang—walang korona, ngunit nakatanggap siya ng isa bandang huli. At pagkatapos natuklasan natin na kapagdaka'y pinagkalooban siya ng isang tabak, upang mag-alis ng kapayapaan mula sa lupa, at natuklasan natin na ginawa niya iyan. Pagkatapos dumating siya kasama ang mga aral ng pagbibigay, sa iglesya kasama ng salapi, sa pamamagitan ng pagtitimbang ng isang pera para *rito*, at dalawang pera para *roon*. Ngunit siya'y pinagbawalang galawin ang Langis at ang alak, na kaunti lamang ang naiwan.

55 At pagkatapos ibinigay natin, naiwan kagabi, kasama ang paglalarawan ng kung ano ang Langis at alak, at ano ang mga epekto na taglay Nito. At tayo'y. . .Maaring sa pandinig ito ay medyo magaspang, ngunit ako. . .ito'y sadyang tamang-tamang ang Katotohanan. Kita n'yo? Ngayon, iniwan natin sa. . .Tayo'y, sa ilang sandali lamang, magbalik-aral niyan ngayon. At pagkatapos iniwan natin, sa kapangyarihan ng alak, kung ano ang isinasagisag ng Langis, Espiritu. Ngayon, lahat kayo sa palagay ko'y nakuha nang lahat ito. Matatagpuan n'yo ito sa teyp, kung hindi n'yo nakuha. At kung saan matatagpuan ang mga Kasulatan, na, ang Langis ay palaging sumasagisag sa Banal na Espiritu. Tulad ng mga mangmang na dalaga na walang Langis, mga matatalinong dalaga na may Langis, na siyang Banal na Espiritu. At pagkatapos doon pabalik, sa—sa—sa mga propeta, at iba pa. At ngayon ako. . .

56 Siyempre, hindi ko sinikap na hatakin palabas lahat ang bawat Kasulatan doon. At mayroong mga bagay na ni hindi mo maipangusap ang tungkol doon; gumugugol ng masyadong maraming oras. Ngunit sinikap ko na ilagay dito, kasama ang mga Kasulatan at iba pa, sapat lamang upang ibigay sa mga tao ng sa gayo'y makapagpapabatid sa kanila at makita ang larawan Nito. Ngunit kung uupuan n'yo lamang ang isa sa mga Tatak na iyon, aba, naku, ikaw ay maka-gugugol ng isang buwang pagsesermon gabi-gabi, mismo sa Tatak na iyan, at gayunma'y hindi pa rin magagalaw Ito, kita n'yo, sa isa sa Kanila. At iya'y kung gaano—gaano karami mayroon Doon. Ngunit, tumbukin lamang ang mahahalagang mga dako Nito, pagkatapos maaari n'yo—maaari n'yo nang makita kung tungkol saan ang lahat ng Ito.

57 Ngayon, gaya ng langis na sumasagisag sa Banal na Espiritu. Pagkatapos natuklasan natin na ang langis at alak ay konektado sa pagsamba, kita n'yo, palaging konektado sa pagsamba.

58 At ang alak, sinabi ko, na dumating sa akin, na ang alak ay sumasagisag na ito'y ang kapangyarihan ng—ito'y ang kapangyarihan ng kasiglahan sa pamamagitan ng kapahayagan. Kita n'yo? At iyan ay kapag may isang bagay na nahayag. Iyan ay nagbibigay ng kasiglahan sa mananampalataya, sapagka't ipinakita ito sa pamamagitan ng kapahayagan. Kita n'yo? Ito'y isang bagay na sinabi ng Diyos. Ito'y isang hiwaga; hindi nila maunawaan Ito, kita n'yo. At, matapos ang ilang panahon, ang Diyos ay bumababa at inihahayag Ito, at pagkatapos ay pinagtitibay Ito.

59 Tandaan, kung ang Katotohanan ay nahayag, ang Katotohanan ay pinagtibay din. Ang Diyos, malimit, kahit gaano pa man katalino ang isang tao, gaano man siya karunong sa kaniyang isipan; kung hindi pagtitibayin ng Diyos ang sinasabi niya, mayroong bagay na mali. Kita n'yo? Tama. Pagka't, ito'y ang Salita.

60 Ngayon, nang si Moises ay lumabas doon sa ilalim ng inspirasyon ng Diyos, sabi, "Pahintulutang dumating ang mga langaw." Dumating ang mga langaw. Sabi, "Pahintulutang dumating ang mga palaka." Dumating ang mga palaka.

61 Kita n'yo, paano kung sinabi niyang, "Pahintulutang dumating ang mga langaw," at sila'y hindi dumating? Kita n'yo, kung gayon siya'y—hindi niya sinalita ang Salita ng Panginoon, kita n'yo; sinalita lamang niya, sinalita niya ang kaniyang sariling salita. Maaring naisip niyang dapat magkaroon ng mga langaw. Ngunit, walang—walang anumang mga langaw ang dumating, sapagka't hindi nga sinabi ng Diyos sa kaniya ang gayon.

62 At kapag sinabi sa iyo ng Diyos ang anumang bagay, at sinabing, "Tumungo ka't gawin *ito*, at ako'y pasasa-roon, sapagka't ito ay Aking Salita," at ipinakita Niya ito sa Biblia, kung gayon ang Diyos ay tatayo mismo sa likuran niyan. At kung iyan ay hindi nasusulat sa Biblia, tatayo ang Diyos sa likuran nito, kahit papano, kung iyan ay Salita ng Diyos. Kita n'yo?

63 At pagkatapos kung ito'y labas diyan, iya'y nahayag sa mga propeta. Naunawaan natin na lahat ng mga hiwaga ng Diyos ay ginawang hayag sa mga propeta, at sa kanila lamang. Tingnan, Amos 3:7.

64 Ngayon, ngayon, ang kapangyarihan ng kapahayagan ay nagbibigay-sigla sa mananampalataya. Sapagka't, ang kapangyarihan ng alak, natural na alak, ay upang magpasigla. Kita n'yo? Ito'y upang—upang dalhin ang isang tao, na bumagsak nang lubos, patungo sa isang kasiglahan. Kita n'yo? Kita n'yo? Buweno, pagkatapos, ngayon, mayroong isang kapangyarihan

ng kapahayagan ng Salita, nagbibigay ng kasiglahan ng kagalakan sa mananampalataya, kasiglahan ng kakuntentuhan, ang kasiglahan na Ito'y pinagtibay, Ito'y pinatunayan.

65 Ito'y tinawag, sa Kasulatan, tulad ng nais nating itukoy rito, bilang "bagong alak." Palagi tayong tumutukoy rito tulad niyan, bilang, "Ang mga ito'y lasing sa bagong alak." Kita n'yo? Mabuti. O, "espirituwal na alak," palagay ko, ang magiging pinakamainam na pagpapaliwanag. Ito'y magiging, sa "espirituwal na alak." Tulad ng paghahayag ng natural na alak sa sarili nito sa pinasiglang kapangyarihan, kaya gayun din ang bagong alak, tulad ng paghahayag Nito ng Salita ng Diyos, na siyang Espiritu. Oh! Ngayon mayroong isang. . . na isang. . . Kita n'yo, ang Salita Mismo ay Espiritu. Pinaniniwalaan n'yo ba iyan? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.]

66 Basahin natin ito. Basahin natin ito, San Juan 6. Atin lamang. . . Oo, pagkatapos inyo—pagkatapos inyo—hindi n'yo sasabihing, "Buweno, ngayon, ibang tao ang nagsabi niyan." Ating—tingnan natin kung Sinong nagsabi nito, at pagkatapos malalaman natin kung ito'y Katotohanan, o hindi. San Juan, ang ika-6 na kabanata. At ang ika-6 na kabanata, at naniniwala akong ito'y ang animnapung-. . . ika-63 talata, o sige, palagay ko ito na. Oo.

> *Ang espiritu nga ang bumubuhay; sa laman ay walang anomang* pinakikinabang*: ang mga salitang sinalita ko sa inyo, ay pawang espiritu, at pawang buhay.*

67 Ang Salita Mismo ay Espiritu. Ito'y ang Espiritu sa anyong Salita. At pagkatapos, nakita n'yo, nang Ito'y buhayin, o binuhay, ang Espiritu ng Salita ay tumungo sa pagkilos at mga gawa. Kita n'yo? Sapagka't iyan. . .

68 Ngayon tumingin dito. Ang isang kaisipan ay kailangang maging isang kaisipan bago ito maging isang salita. At pagkatapos kapag ang isang kaisipan ay naipahayag, ito ay isang salita. Ngayon, *ito* ang kaisipan ng Diyos na Kaniyang inilagay sa Salita. At pagkatapos kapag natanggap natin Ito mula sa Kaniya, Ito'y nagiging isang Salita.

69 Inihayag ng Diyos kay Moises kung anong gagawin. Sinalita iyon ni Moises, at iyon ay naganap. Kita n'yo? Yan nga, kapag iyu'y talagang nanggaling mula sa Diyos.

70 Ngayon napag-alaman natin, na—na Ito'y—Ito'y nagbibigay-sigla at Ito'y nagbibigay ng kagalakan, sapagka't Ito'y Salita ng Diyos. At ang bagong alak, pinasisigla ng bagong alak ang. . . kapag inihayag Nito ang Salita. Pagkatapos, nagdudulot ng kagalakan na di-masukat, kung minsan. Nanggaling na tayo riyan, na ito'y nagdudulot ng kagalakan hanggang ikaw ay mag-umapaw.

71 Ngayon, alam kong mayroong maraming panatismo, ang mga tao'y naghihiyawan ng todo. Alam kong minsan ginagawa

nila iyan kapag ang musika ay patalon-talon, at lahat ng bagay. At alam kong iya'y nangyayari. At ako—pinaniniwalaan ko yan, din. Ngunit nakakita na ako ng mga tao sa araw na, habang ang musika ay tumutugtog, lahat ay tumatalon at sumisigaw; ngunit nang ang musika ay tumigil, ito'y tumigil. Kita n'yo? Naniniwala akong . . . Buweno, iya'y, iya'y tama pa rin, sa ganang akin, kita n'yo, hangga't ang mga tao ay namumuhay ng tama. At . . .

72 Ngunit, ngayon, ano, simulan n'yong dalhin ang Salita! Ngayon, iyan ang bagay na totoong nagdadala ng Buhay, ang Salita, at nagdudulot iyan ng kagalakan ng kasiglahan ng bagong alak. Kita n'yo? Oo. At iyan nga kung ano ito sa Pentekostes, nang pinagtibay ang Salita.

73 Ngayon tingnan. Ngayon, sinabi sa kanila ni Jesus, Lucas 24:49, "At narito, ipadadala ko sa inyo ang pangako ng Aking Ama; datapuwa't magsipanatili kayo sa Jerusalem, at manatili hanggang." Ano ang pangako ng Ama? Joel 2:28, aba, natagpuan natin, Kaniyang "ibubuhos ang Espiritu." Sa Isaias 28:19, kung paanong magkakaroon ng "nauutal na mga labi, at ibang mga wika," at lahat ng mga bagay na ito.

74 Umakyat sila roon. At gaya ng pagtalakay natin rito, marahil sabi ng isa, "Buweno, naniniwala akong sapat na ang tagal na ipinaghintay natin. Tanggapin na lamang natin ito sa pamamagitan ng pananampalataya." Iyan ay isang mabuting doktrinang Baptist, ngunit hindi ito gumana sa kanila na mga kapatid na kalalakihan.

75 Kaya pagkatapos, ang unang bagay alam n'yo, ito'y kailangang maging isang kaganapan. At naghintay sila sa kanilang ministeryo, para ang Salita ay mapagtibay. At kapag dumating ka upang hanapin ang Banal na Espiritu, gayon din ang gawin mo.

76 Oo, matatanggap mo ito sa pamamagitan ng pananampalataya. Kailangan mong tanggapin si Cristo sa pamamagitan ng pananampalataya. Iya'y eksaktong tama. At tanggapin ninyo ang Banal na Espiritu sa pamamagitan ng pananampalataya; ngunit pagkatapos hayaang dumating ang Banal na Espiritu at ibigay ang pagtutuli, bilang isang saksi na tinanggap Niya na ang inyong pananampalataya, kita n'yo. Pagkatapos, kita n'yo, "Sinampalatayanan ni Abraham ang Diyos, at iyan ay ibinilang sa kaniya para sa katuwiran." Ngunit ibinigay sa kaniya ng Diyos ang tanda ng pagtutuli, bilang isang katunayan na tinanggap Niya ang kaniyang pananampalataya.

77 Kaya ganyang bagay din ang dapat nating gawin. Kailangan nating maghintay sa Banal na Espiritu hanggang sa makagawa Ito ng isang bagay; hindi kinakailangan pagka't tayo'y nagsalita sa iba't-ibang wika, hindi dahil tayo'y sumayaw, o tayo'y naging emosyonal, tayo'y sumigaw. Hanggang sa tayo'y mabago; hanggang sa mayroong totoong naganap! Walang anuman sa

akin kung anong anyo iyan dumating. Basta't naganap iyan, iyan ang pangunahing bagay. Kita n'yo?

78 At naniniwala akong ang pagsasalita sa iba't-ibang wika at lahat ng iba pang mga bagay na ito ay mabuti, datapuwa't sa kaniyang sarili'y hindi gagana. At alam n'yong hindi iyan gagana. Kaya, hindi nito ginagawa iyan.

79 Nakakita na ako ng mga mangkukulam na nagsalita sa iba't-ibang wika, nakakita ng mga salamangkerong nagsalita sa iba't-ibang wika at sumayaw sa espiritu. Sigurado. Naglapag ng isang lapis at sumulat ito sa di-kilalang mga wika. At mayroong nagsalin nito, iya'y tama, at sinabi ang katotohan. Iya'y tama. Isinulat lamang ng tamang-tama kung anong naganap, at ito'y naging tamang-tama sa gayong paraan. Nakita silang naglagay ng alikabok sa kanilang ulo, at hiniwa ang sarili nila ng mga kutsilyo, at tinakpan ito sa kabuuan ng dugo ng mga mababangis na hayop o isang bagay, at—at, sigurado, kita n'yo, at tumawag sa Diablo. Kaya, kita n'yo, iyan ay hindi . . .

80 Hindi iyan ginagawa ng pagsasalita sa iba't-ibang wika. "Bagaman ako'y magsalita ng wika ng mga tao at mga Anghel, at walang pag-ibig, ito'y walang pakinabang sa akin. Kita n'yo, kahit na magawa ko ito!" Kita n'yo? Kaya ang mga bagay na iyon ay hindi nangangahulugan na mayroon kang Banal na Espiritu.

81 Ngunit kapag Siya, ang Persona, ang—ang walang kamatayang Espiritu ni Cristo ay naging sarili mong Tagapagligtas, at binago ka, at ibinaling ang iyong mga paningin diretso tungo sa Kalbaryo at sa Salitang ito, may isang bagay na naganap. Opo, ginoo. Mayroong isang bagay na naganap. Walang sinoman ang kailangang magsabi sa iyo ng tungkol dito. Malalaman mo ito kapag ito'y naganap.

82 At ang bagong alak, kapag naghatid ito nang kapahayagan, kung gayon Ito—Ito'y nahayag.

83 At ganiyang paraan ito noon sa Pentekostes. Nalaman nila na—na dapat magkaroon ng isang Espiritung mabubuhos sa kanila, at naghintay sila hanggang sa ito'y naganap. At nang ang pagpapatunay ng kapahayagan ay naganap, kapagdaka ang kasiglahanan ay sumakanila. Tinaglay nga nila. Sila'y nalango, rin. Sila, mismo sa labas patungo sa mga lansangan; kung saan, nangatakot sila, at isinarado ang mga pintuan. At sila'y nasa mga lansangan; kung saan, nangatakot sila sa isang grupo ng mga tao; na ipinangangaral ang Ebanghelyo sa kanila! Iya'y tama. Kita n'yo? Isang bagay ang naganap, sapagka't ang totoong Salita ng pangako ay pinagtibay.

84 Ngayon tumigil tayo rito panandali. Kung nagdala iyan ng ganoon ka-positibo sa mga taong iyon, na sila— sila'y . . . Halos bawat isa sa kanila ay tinatakan ang kanilang patotoo ng kanilang dugo. Kahit na anong dumating, hangga't sila'y nabubuhay, hindi sila kailanman lumayo Rito. Ito'y nanatili

roon, sapagka't iyon ang totoong Salita ng pangakong, pinagtibay. Ang kapahayagan ay naging isang pinagtibay. At sila'y nangamatay, tinatatakan ang kanilang patotoo ng sarili nilang dugo.

85 Ngayon tingnan ang pangako ng mga huling araw. At dito nakita natin itong pinagtibay mismo sa harapan natin, ang—ang pangkasalukuyang pagdating ng Banal na Espiritu at ang mga gawa na dapat Niyang gawin, at natagpuan natin ito mismo sa gitna natin. Kita n'yo? Oh naku, tayo'y dapat . . . Oh, naku! Paano tayo makaririnig? May isang bagay na nagaganap, sinasabi ko sa inyo, kaibigan! Kapag ang tunay, totoo, sinserong, itinalagang mananampalataya, kapag tumama iyang Liwanag sa binhing iyan, may isang bagay na tutubo tungo sa isang bagong Buhay. Ang munting babaeng iyan sa balon!

86 Nang, ang mga nag-iskolar na mga paring iyon ay nagsabing, "Buweno, iya'y ang Diablo. Isa Siyang manghuhula. Siya'y—Siya'y nagsasabi lamang sa mga taong iyan ng kapalaran nila. At Siya'y—Siya'y isang diablo."

87 Ngunit, nang, iyang munting babaeng taglay iyang itinalagang binhi! Ngayon iniisip ninyo na iya'y hindi tama? Ngunit sabi ni Jesus, "Walang taong makalalapit, liban na ilapit siya ng Aking Ama; at lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay magsisilapit." At Siya . . .

88 At ang anti-cristo, sa mga huling araw, ay magagawang . . . Ang anti-cristong espiritu na pinag-aaralan natin, sa denominasyonalismo, at napatunayan na ang denominasyonalismo ay anti-cristo. Ngayon, sa kabila niyan, sinumang tao na magagawang lumakad palayo mula rito tulad niyan, siya, mayroong bagay na mali, at naniniwala pa ring ang denominasyonal na sistema ay hindi anti-cristo. Samantalang, lubusan na itong napatunayan, mula sa kasaysayan, mula sa lahat ng bagay na mayroon, tuwiran sa pamamagitan ng Biblia ng Diyos at lahat ng iba pang bagay, ito'y anti-cristo. At ang Roma ang ulo nito. At ang mga anak na babae na mga iglesya ay nakasunod mismo. At kapwa silang ibinulid sa impiyerno. Iya'y tama. Kaya nakita natin ang bagay na ito, anti-cristo, ang espiritu nito.

89 At ang araw na kinabubuhayan natin, at, bakit, kailangang magdala ito ng "kagalakang di-masabi at puspos ng kaluwalhatian." Iyang munting matandang babae, kaagad-agad nang tamaan siya niyan, naku, ang binhi ay tumubo!

90 Ngayon, alalahanin, sinasabi ng Biblia, na sa huling araw, na ang anti-cristong ito ay "dadayain ang buong mundo."

91 Magkakaroon lamang ng isang maliit na bilang, na ang mga pangala'y nailagay sa Aklat ng Buhay ng Cordero bago itatag ang sanglibutan. At kapag iyang tunay na pagpapatibay ng nahayag na Katotohanan ng Salita ng Diyos ay tumama sa

pusong iyan, hahagipin niyan ang tubig, at sa labas doon kasama ang Banal na Espiritu, ng buong lakas ng kaniyang magagawa. At hindi mo siya mapipigil mula sa paggawa nito, sapagka't ang bagong Buhay ay gumana.

92 Nakikipag-usap ako sa isang tao, hindi pa katagalan, pinipilit na makipagtalakayan sa akin, at sinasabing, "Hindi ka ba nahihiya na sabihing 'Nilikha ng Diyos ang langit at lupa sa tatlong araw . . . o sa anim na araw'?"

Sabi ko, "Iyan ang sabi ng Biblia."

93 Sabi niya, "Buweno, mayroong kaming katibayan at mapapatunayan na ang mundo ay milyun-milyong taong gulang na."

94 Ang sabi ko, "Walang anumang kinalaman iyan tungkol dito. Sa Genesis 1:1, sabi Nito, 'Sa pasimula nilikha ng Diyos ang langit at lupa.' Tuldok! Iyan lang lahat, kita mo. 'Ngayon ang mundo ay walang anyo, at walang laman.'" At ang sabi ko, "Naniniwala akong bawat binhi ay nakalapag mismo roon, mula sa ibang sibilisasyon o anuman. At kaagad-agad nang humupa ang tubig, at tinamaan ito ng liwanag, tumubo ang mga punong kahoy at lahat ng bagay."

95 At gayunding bagay sa isang tao, ay isang tipo. Kapag ang lahat ng—ng—ng ulap ay nahawi, at ang nahayag na Katotohanan sa tunay na binhing iyan na nakahimlay roon, ay may buhay pa, at ang Liwanag ng Ebanghelyo ay tumama rito sa pamamagitan ng tunay na pagpapatunay ng Salita, ito'y mabubuhay. Ito'y nagkaroon ng Buhay sa loob nito. Ito'y sasampalataya. Liban diyan, hindi ito mabubuhay; wala itong Buhay sa loob nito.

96 Yaong mga pangalang inilagay sa Aklat ng Buhay ng Cordero bago itatag ang sanglibutan, ay darating ng kasing tiyak gaya ng anumang bagay. At iyan kung bakit si Jesus ay umupo mismo Roon at naghihintay taglay ang gawain Niyang pamamagitan, hanggang sa huling binhing iyan. At malalaman Niyang eksakto kapag ito ay tumama.

97 Habang si Dr. Lee Vayle . . . Palagay ko siya'y nasa pagtitipon pa rin kung saan. Hindi ko siya nakita ng ilang mga araw. Hindi ako naniniwalang nakita ko siya. [Isang kapatid na lalaki ang nagsabing, "Narito siya."—Pat.] Narito siya. Buweno, noong isang araw ipinadala niya sa akin ang munting papel na ito, tungkol sa sinabi ni Iraneus. Buweno, pinili ko si Iranaeus, mula sa isang mahabang pananaliksik, bilang ang anghel ng kapanahunan na kaniyang kinabubuhayan. Ngunit ang sabi niya, "Kapag iyang huling miyembro ng Katawan ay pumasok na," sa huling kapanahunang ito, "dapat maging . . . ang bagay ay mahahayag sa panahong iyan." At heto na iyan. Iya'y eksaktong tama. Kita n'yo? Tayo'y nasa araw. Tama.

98 Pagkatapos, ang Pentekostal ay nagtaglay ng ibayong kagalakan. Sila ay talagang pinasigla. Palagay ko, pinasisigla nito ang sinuman.

99 Kumuha lamang tayo ng ilang sandali pa. Mag-isip tayo ng tungkol kay David. Siya—naging napakasigla niya, rin. Ang sabi niya, “Ang aking saro ay nag-uumapaw.” Naniniwala akong mayroon talaga siyang isang—isang dakilang pangyayari sa kaniyang buhay. Ano, ano ang nagtulak sa kaniya upang gawin iyan? Nang siya ay nasa Espiritu. . . Sapagka’t, siya ay isang propeta. Alam nating siya nga. Gayon ang sabi ng Biblia. Si Propeta David, ngayon, sapagka’t siya ay isang propeta, at siya ay nasa Espiritu, at nakita niya ang muling pagkabuhay. Kung nais n’yong basahin ito, ito’y nasa Mga Awit 16:8 hanggang 11. Ang sabi niya, “Bukod doon ang aking laman ay ginawang masaya. Naku! Ako—ako’y tatahang tiwasay, sapagka’t hindi Mo iiwan ang aking kaluluwa sa Impiyerno; ni hindi Mo titiisin ang Iyong Banal ay makakita ng kabulukan.” At sinasabi ko sa inyo, ang kaniyang saro ay nag-uumapaw, pagka’t nakita niya. Hindi mahalaga kung anuman iyon; oh, nakita niya ang pagkabuhay na mag-uli, at siya ay talagang . . . at ang kaniyang saro ay nag-umapaw.

100 Muli, si David ay may isa pang sarong nag-uumapaw, sa Ikalawang Samuel, (nakalabas din lang naman ang inyong mga lapis), Ikalawang Samuel 6:14. Nagkaroon ng isang panlulupaypay.

101 Kinuha nila ang kaban. Ang kaaway ay nakapasok at nakuha ang kaban ng Panginoon, at kinuha nila ito at inilagay ito sa harap ni Dagon, at si Dagon ay nabuwal paharap. At dinala ito sa ibang siyudad, at ang mga salot ay nagsimula. Iyon ay. . . Iyon ay ang pinaka mainit na bagay na nagkaroon sila sa kanilang mga kamay, sa dako roon. At hindi nila iyon matakasan, pagka’t iyon ay wala sa dako nito.

102 Ngayon, nang ilagay nila ito sa kariton ng baka, at nagsimulang bumalik. At nang makita ni David na ang kaban ay dumarating, alam n’yo kung anong ginawa niya? Siya— naging punong-puno siya, at ang kaniyang saro ay nag-umapaw; ang kasiglahanan! Nang makita niya ang Salita na nahayag pabalik muli sa Israel, sumayaw siya sa Espiritu, sa lahat ng palibot, libot, libot, libot, libot tulad niyon. Oo. Ang saro niya ay nag-umapaw, kita n’yo. Bakit? Nakita niyang bumabalik ang Salita.

103 Palagay ko gagawin niyan na pasiglahin ng kaunti ang sinuman kapag nakita nila iyan, makaraan lahat ng mga taon na ito; at pagkatapos ang totoong Salita, sa pangako na ito’y magiging ganito, bilang ipinahayag at pinagtibay. Anong panahon! Anong panahon!

104 Ngayon bumasa tayo. Ako—sinalita kong lahat, hindi ako tutungo rito, at pananatilihin ko kayong lahat dito hanggang

ikasampu't kalahati. Maaga ko kayong pinalabas kagabi, kaya nararapat na panatilihin ko kayo ng mas mahaba ngayong gabi. [Kongregasyon, "Amen."—Pat.] Oo. Oo. Hindi, binibiro ko lang kayo. Kita n'yo? Ako'y . . . Gusto lang natin ang pangunguna lang ng Panginoon ngayon.

> *At nang buksan niya ang ikaapat na tatak, ay narinig ko ang tinig ng ikaapat na nilalang na buhay na nagsasabi, Halika . . . tingnan.*

105 Ngayon, "Nang buksan ng Cordero ang Ikaapat na Tatak." Tumigil tayo roon ngayon. Ang Ikaapat na Tatak, ngayon, Sinong nagbukas Nito? Ang Cordero. May karapat-dapat pa bang iba? Wala nang iba pang makagagawa nito. Wala. Binuksan ng Cordero ang Ikaapat na Tatak.

106 At ang—ang ikaapat na Hayop, ang Nilalang na buhay na tulad ng isang agila, ay nagsabi kay Juan, "Halika, tingnan kung ano ang ikaapat na hiwaga na plano ng katubusan, ay naitago sa Aklat na ito," pagka't binubuksan Ito ng Cordero. Sa ibang mga salita, iya'y kung ano ang sinasabi niya. "Mayroong ikaapat na hiwaga rito. Ipinakita ko sa iyo, sa sagisag. Ngayon, Juan, hindi ko alam kung naintindian mo Ito, o hindi." Ngunit, isinulat niya kung ano ang kaniyang nakita, ngunit iyon ay isang hiwaga. Kaya, isinulat niya kung ano ang nakita niya.

107 Binubuksan ng Cordero ang mga Tatak, at hindi pa rin ihahayag Iyan ng Diyos. Iya'y inilaan para sa mga huling araw. Kita n'yo? Ngayon, tayo'y may mga sagisag, at tayo'y masusing nagsiyasat doon, at nakagawa ng napakabuti minsan, kita n'yo. Ngunit alam nating Iyan ay nagpatuloy pa. Ngunit ngayon, sa mga huling araw, magagawa nating lumingon at makita kung saan Iyan nanggaling. At kinakailangang maganap iyan, na, sa katapusan ng kapanahunan ng iglesya, bago mismo ang Pag-agaw.

108 Paano magagawang dalhin ng sinuman ang Iglesya tungo sa Kapighatian, hindi ko alam. Ngunit ano pa ang kailangang ipunta Nito sa Kapighatian, kung Ito'y wala nang—wala nang taglay ni isang kasalanan? Ang ibig kong sabihin . . . Hindi ko ibig sabihin ang iglesya; ang iglesya ay pupunta sa Kapighatian. Ngunit nangungusap ako tungkol sa Nobya. Ang Nobya, hindi, wala Itong kasalanan laban Doon, sa anumang paraan. Pinaputi na ito, at wala nang ni isang—isang . . . Wala nang ni amoy man nito, at wala nang naiwan. Sila'y sakdal, sa harap ng Diyos. Kaya para sa ano pa ang Kapighatian upang dalisayin sila? Ngunit ang iba ay dadalisayin. Ang iglesya ay pupunta sa Kapighatian, ngunit hindi ang Nobya.

109 Ngayon, ngayon kinuha lang natin ito sa lahat ng uri ng mga sagisag ngayon. Tulad ng—ng iglesya, Noe, ang naiwang tipo, lumabas tungo sa kasalanan. Kita n'yo, ngayon, talagang tumungo sila. Ngunit, si Enoc ay umalis muna, iyan ang tipo

ng mga santo na makakapasok, at bago ang panahon ng Kapighatian.

Ngayon natuklasan natin, binuksan ng Corderong ito ang Tatak.

110 Ngayon, ang unang Hayop na natagpuan natin, kung napansin ninyo, ang unang Hayop na natagpuan natin, ay isang...Ang unang Hayop ay isang leon, isang Nilalang na Buhay; natagpuan iyan sa aklat ng tat-...ng mga kapanahunan ng iglesya. At pagkatapos ang ikalawang Hayop, naniniwala ako, ay ang—ang mukha ng isang bisiro, o isang guyang baka. At ang ikatlong Hayop ay ang mukha ng isang tao. Ngunit ang ikaapat na Hayop ay ang mukha ng isang agila. Ngayon iya'y ang tamang-tamang paraan na nakuha natin ang mga ito, umiikot mismo ng tamang-tama tulad niyan. At iyan ang paraang tamang-tama na nailagay sila sa Aklat dito.

111 At pagkatapos habang ang isang dakilang tagapagturo, sa isang pagkakataon sa Florida, nagtuturong, sinasabi na—na ang...na, "Ang Aklat ng Mga Gawa ay isa lamang na—isang pabalangkas na gawain para sa—para sa Iglesya. Ang Iglesya ay nakapundasyon sa apat na Ebanghelyo."

112 At natagpuan natin, gayun din naman mula roon, na ito'y ang apat na Ebanghelyong nagbabantay ng Aklat ng Mga Gawa. Naisulat ang Aklat ng mga Gawa mula roon sa apat na Ebanghelyong iyan, ang mga gawa ng Banal na Espiritu sa mga apostol. At natagpuan natin, mismo sa Aklat, na yaong mga bantay ay nakaupo roong nagmamasid; silangan, hilaga, kanluran, at timog. Natatandaan n'yo ba kung paano natin iyan iginuhit dito? At gaano kaganda at walang kamali-maling tumama ang lahat sa dako nito!

113 Ngayon gusto kong pansinin n'yo. Sabi, "Halika at tingnan." Si Juan...Ngayon gusto kong pansinin n'yo muli, bago ito. Ngayon, ito rito ay ang huli sa mga nakasakay, upang ihayag ang paggawa ng anti-cristo.

Bukas ng gabi, mahahagip ang mga kaluluwa sa ilalim ng dambana.

Sa susunod na gabi, ang mga paghuhukom.

114 Ang susunod na gabi, ang paglalaho, ng—ng katapusan ng kapanahunan, katapusan ng panahon, ng lahat ng mga bagay, kita n'yo, kapag Siya ay kinuha-pataas. Samakatuwid, diyan mismo sa Ikapitong Tatak diyan, ay ibinuhos ang mga Mangkok, at lahat ng iba pang bagay ay ibinubuhos. Kung ano sila, hindi ko alam.

115 Pansinin. Ngunit ngayon, ito rito, natagpuan natin na itong tao rito ay isang agila, ang taong ito na...o ang nilalang na Buhay na ito'y ibinuhos dito ngayon. O, sa ibang mga salita, mayroong apat na magkakaibang mga kapanahunan Nito.

Mayroong isang kapanahunan ng leon. At, natuklasan natin, ito bilang ang ikaapat na kapanahunan.

116 At sinabi niya, "Halika at tingnan ang ikaapat na hiwaga ng Aklat ng Katubusan, na naitago sa Aklat na ito. Halika, tingnan." At si Juan ay lumapit upang tingnan, at siya'y nakakita ng isang maputlang kabayo. At, muli, ang siya ring nakasakay sa ibabaw ng maputlang kabayong ito.

117 Ngayon siya ay may isang pangalang tinatawag na Kamatayan. Ngayon pansinin. Wala sa iba pang nakasakay, wala sa ibang mga kabayo, o sa anumang pagkakataong ang nakasakay na ito'y tumakbo kailanman, wala silang taglay; ang taong iyan ay walang pangalan. Ngunit ngayon siya ay tinawag na Kamatayan. Hindi ito nabanggit. Kita n'yo? Siya ay nahayag ngayon. Kung ano siya ay kamatayan.

118 Buweno, maari tayong magtagal diyan para sa isang sermon, at gawin iyan na talagang malinaw! Ngunit anumang bagay na laban, na salungat sa tunay, ay kailangang maging kamatayan. Sapagka't, mayroon lamang dalawang paksa, iyan ay, Buhay at kamatayan. At nagpapatunay iyan na ang kapahayagan ng Banal na Espiritu nito, sa araw na ito, ay tamang-tamang ang Katotohanan. Ang laban, siya ay kamatayan. Sapagka't, ang Salita, tulad ng makikita natin mamaya rito, ay Buhay. Kita n'yo?

119 At ang taong ito ay tinawag na Kamatayan. Ngayon, hindi ito nabanggit sa ibang mga pagkakataon, hinggil sa nakasakay na ito. Ngunit, dahil, ngayon nabanggit na ito, na siya ay tinawag na Kamatayan.

120 Ngunit sa ilalim ng kapahayagan ng leon. . . Ngayon pagmasdan. Ngayon gusto kong basahin ito ng malapitan, para maging sigurado ako; isulat, ilagay, tumayo rito. Sa ilalim, hindi sa ilalim ng kapahayagan ng kapanahunan ng leon, o ng unang kapanahunan, ang sinaunang kapanahunan, Ito ay hindi nahayag. Ang sumunod na kapanahunan ay ang kapanahunan ng guyang baka, na siyang madilim na kapanahunan, ang kalagitnaang kapanahunan, hindi iyan nahayag kung ano Iyan noon. Maging ang taong tulad Hayop, hinggil sa karunungan, inilalarawan ang mga repormador, si Luther at Wesley at ang iba pa, Iyon ay hindi nahayag. Ngunit sa kapanahunan, ng agila, ang huling kapanahunan, ang maka-propetikong kapanahunan, kung saan mayroong tatayong propetikong pagsasalita, kita n'yo, na siyang palaging dinaratnan ng mga lihim! Ngayon diyan ay kung saan tayo lamang . . .

121 Magtatagal tayo riyan ng kaunting panahon, ngayong gabi, upang lubusan ninyong mauunawaan. Ngayon, sa halos lahat ng mga pagkakataon, napagtanto ninyo, ang mga ito . . . Hindi ako nangungusap sa grupong ito rito lamang. Ang mga teyp na ito ay tutungo sa lahat ng dako, kita n'yo, at kailangang linawin ko

iyan. Pagka't, ang ilang tao ay kukuha lamang ng isang teyp, at pagkatapos, kung hindi nila makuha ang iba pa sa mga ito, silang lahat ay nagnanais, kita n'yo. Ipinangako Ito ng Diyos, kita n'yo, para sa araw na ito, para sa huling, pagtatapos ng lahat ng iba't-ibang mga bagay na ito na nawala at naihalu-halo. Tayo ay . . .

122 Nagkaroon tayo ng mga kasuotan ni Elias. Nagkaroon tayo ng mga balabal ni Elias. Oh, nagkaroon ng mga tao na . . . si John Alexander Dowie ay inilibing doon, binalot sa isang—isang balabal. Sinabi niyang siya si Eliseo. At mayroon tayong lahat ng uri ng mga bagay tulad niyan. Ano ito, kahit papano? Ito'y upang ilayo lamang ang isang Katotohanan na ilalahad. Kita n'yo? Nagkaroon sila ng mga bulaang cristo bago ang panahon ni Jesus. Kita n'yo? Palagi nilang ginagawa iyan. Ito'y si Satanas, nagpapatakbo ng isang huwad, upang guluhin ang mga isipan at ang pananampalataya ng mga tao, bago totoong maganap ang bagay. Iyan lang lahat.

123 Hindi ba't si Gamaliel ay nagsabi ng gayunding bagay sa mga Hudyo ng araw na iyon? Sinabi niya, "Wala bang isang taong tumayo at nag-angkin na Ganito? At kumuha sila ng apat na raan mula sa ilang. Sila'y nalipol, at kung anu-ano pa."

124 Sinabi niya, "Bawat sanga na hindi itinanim ng Aking Amang Makalangit," sabi ni Jesus, "ay bubunutin."

125 Sabi ni Gamaliel, "Pabayaan lang sila. Kung sila, kung ito'y hindi sa Diyos, hindi ba ito'y darating sa wala? Ngunit kung ito'y sa Diyos, kayo'y masusumpungang nakikipagbaka laban sa Diyos." Gumamit ng karunungan ang tao. Siya ay isang tagapagturo.

126 Ngayon pansinin. Ngayon, upang pagtagpuin ang lahat ng mga hiwagang ito, ang Diyos ay nangako na magkakaroon ng isang tunay na Eliseong titindig, mga taong napahiran ng Espiritung iyan, at ito'y maghahayag. Ipinangako Niya ito sa Malakias 4. At mayroon akong mga tala at mga sulat na nagsasabi na ito'y hindi ganoon, ngunit nais kong makipag-usap sa taong ito. Kita n'yo? Bakit, hindi n'yo maitatanggi ito. Bawat tunay, mabuting teologo ay nalalaman na Katotohanan ito, na sila'y naghahanap para doon.

127 Ngunit sa katulad lamang na paraan gaya ng ito'y dumating sa pamamagitan ni Juan, ang tagapagpauna ng unang panahon ni Cristo. Kung bakit, hindi nila siya nakilala, sapagka't may mga dakilang bagay na inihula sa kaniya. Kung bakit, kailangan niyang "patagin ang lahat ng mga matataas na dako, at pataasin ang lahat ng mga mababang dako, lahat ng mga magaspang na dako ay gawing makinis." At, oh, siya . . . Ang mga propeta: si Isaias, pitong daan at labing-dalawang taon bago ang kaniyang kapanganakan; at si Malakias, apat na raang taon bago siya dumating sa kaganapan; lahat ito'y nanghula sa kaniya. At umaasa sila ng ilang pasilyo ng Kalangitan ang ibababa, at ang

propetang ito ay lalakad palabas dala ang kaniyang tungkod sa kamay niya, mula sa Diyos.

128 At anong nangyari? Isang tao na iyong . . . ni hindi man lang makapag-pakita ng isang tarheta ng pakikipagtipon. Hindi siya makapagpakita ng kredensiyal. Nanatili roon sa ilang; wala ni isang pangkaraniwang edukasyong pag-aaral. Nasabihan tayo, sa pamamagitan ng mga mananalaysay, na lumisan siya patungo sa ilang noong siyam na taong gulang siya, matapos ang kamatayan ng kaniyang ama at ina. At pinalaki . . . Ang gampanin niya ay masyadong mahalaga, upang makihalubilo sa ilang seminaryo. Kailangan niyang— kailangan niyang ipabatid ang Mesiyas.

129 Hindi magagamit ng Diyos ang isang taong punong-puno ng teolohiya. Hindi niya magagawa iyan, sapagka't palagi siyang maaanod pabalik. Iyan ang linya niya ng pagkatuto. Maaanod siya pabalik doon. Kaya, tumungo siya upang makita ang ilang bagay, sinisikap niyang maanod pabalik sa mga sinabi ng mga tagapagturo. Mas makabubuti kung ikaw ay mananatiling malayo mula sa ganoong mga bagay, at paniwalaan lamang ang Diyos.

130 At natagpuan natin na di nila siya nakita. Maging ang mga apostol na nangakatayo roon, ay di siya nakita. Bakit, ang sabi nila, "Bakit sinasabi ng Kasulatan na, ang mga eskriba, ay nagsasabi na si Elias . . . "

131 Sinabi niya, "Buweno, dumating na siya, at hindi n'yo siya nakilala."

132 At doon ko itinutulad ang pagkabuhay na mag-uli, o ang Pag-agaw. Ito'y lilisan, at kanilang . . . Alam kong sa pandinig iya'y kakatwa. Ngunit marahil may malalaman kayong kaunti pa matapos ang gabing ito, kung kalooban ng Panginoon, kung paano ito mangyayari, kita n'yo. Magiging napakasikreto niyan, walang sinomang makakaalam ng tungkol doon, ni bahagya. Iisipin lamang ng sanlibutan, magpapatuloy lang mismo tulad ng palaging nangyayari, kita n'yo, at sadyang . . . Ganoon ang paraan na palagi Niyang ginagawa iyan.

133 Alam n'yo, pinag-aalinlanganan ko kung ang isa—isa . . . Sasabihin kong, ikasiyamnapung bahagi ng isang porsiyento ng mga tao sa daigdig, ay hindi nalaman na si Jesus Cristo ay nandito noong Siya'y narito. Alam n'yo, nang si Elias ay manghula, pinag-aalinlanganan ko kung mayroon marahil sa sinumang tao na nakaalam na siya ang . . . Alam nilang mayroong kakatwang tao roon, isang matandang panatiko, ngunit kinamuhian nila siya. Sigurado. Siya ang tinatawag nila na kakatwang-tao.

134 At palagay ko, sinumang Cristiyanong ipinanganak-na-muli ay parang kakatwang tao, sa—sa mundo, sapagka't ikaw ay nabago. Ikaw ay mula sa ibang daigdig. Ang iyong Espiritu

ay mula sa kabila ng bangin. At ang bagay na ito rito ay isang masyadong magulo. . . Pagkatapos, kung ika'y—hindi ka kakaiba, mayroong bagay na mali; ikaw, masyado ka pa ring natatali sa kamunduhan. Kailangang mayroon kang Makalangit na pag-iisip. At ang Kalangitan ay nabubuhay sa pamamagitan ng Salita.

135 Ngayon, napansin natin na itong—itong dakilang bagay ay naganap. Ngayon, naniniwala tayo na magkakaroon ng isang pagdating ng totoong Espiritu ni Eliseo. Naihula itong magaganap, kita n'yo. At dapat nating tandaan na ito'y paririto, sa takdang panahon at oras nito. Naglalagay tayo marahil ng isang pundasyon para rito ngayon. At hindi ito magiging isang organisayon.

136 Ako—di ako umaayon sa isang mabuti kong kaibigan, tungkol diyan. Sinasabi niyang magiging isang grupo ito ng mga tao. Nais kong ipakita n'yo sa akin iyan sa pamamagitan ng Kasulatan. Ang Diyos, ang di-nagbabagong Diyos, ay hindi binabago ang Kaniyang mga plano. Kung binabago Niya, kung gayon Siya ay hindi Diyos; iya'y tama, sapagka't Siya'y isang mortal, at Siya'y nakakaalam ng tulad lamang sa nalalaman ko, at Siya'y nakakagawa ng mga pagkakamali.

137 Hindi kailanman binago ng Diyos ang Kaniyang plano, simula pa sa mismong panahon sa hardin ng Eden. Siya'y gumawa ng isang plano para sa katubusan; iyan ay ang Dugo. At nasubukan na natin ang edukasyon. Nasubukan na natin ang diktatorya. Nasubukan na natin ang sikolohiya. Nasubukan na natin ang denominasyonalismo. Nasubukan na natin ang lahat ng bagay, upang itulak ang lahat ng tao sa pagsasama-sama, o magmahalan ang lahat ng sama-sama, at lahat ng iba pang bagay. Walang ibang dako ng pagkakatipon kundi sa ilalim ng Dugo, hanggang ngayon, ang tanging batayan na kinakatagpo ng Diyos ang tao.

138 Ang Diyos ay palaging nakikipag-ugnay sa isang indibidwal. Ang dalawang tao ay mayroong dalawang ideya. Hindi nagkaroon kailanman ng dalawang pangunahing mga propeta sa daigdig, na nanghuhula sa gayun ding panahon. Tumingin pabalik at tingnan kung mayroon nga. Wala, ginoo. Napaka-alanganin! Kailangan Niyang kumuha ng isang taong lubusang sumuko, at gamitin ang taong iyan. Naghahanap Siya para sa taong iyan.

139 Ngunit magkakaroon ng isa, sa isang pagkakataon, isang tao na makikinig sa Kaniya, Salita sa Salita. Wala akong paki-alam kung ano man ang sinasabi ng iba pa, hindi sila kailanman kikilos mula Riyan. Iya'y tama. Maghihintay sila sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON. At, pagkatapos, hindi sila kikilos maliban doon. Siya'y ganap na magiging isang pinagtibay. Kayo'y . . .

140 Ngayon, ang sanlibutan sa labas ay kamumuhian ito, ngunit ang hinirang na Binhi, ang itinalagang Binhi, tulad ng mayroon sa mga araw ni Jesus, nang ang Liwanag na iya'y kumislap, ang Binhing iya'y darating sa Buhay tulad *niyon*. [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kaniyang daliri ng minsan—Pat.] Malalaman nila Ito. Mauunawaan nila Ito. Hindi mo na kailangang magsabi pa ng isang salita tungkol Doon.

141 Sinabi niya, "Ginoo, napaghahalata ko na Ikaw ay isang propeta. Alam kong kapag dumating ang Mesiyas, Siya ay dapat na . . . "

Ang sabi Niya, "Ako ay Siya."

142 Naku, iyan, iyan ay sapat na. Hindi na niya kailangang magtagal ng buong gabi, at magtagal sa susunod na gabi. Nakuha niya Ito mismo roon. Siya ay nasa kaniyang daan na. Sinasabi niya sa kanila ang tungkol Doon.

143 Ngayon alalahanin, ngayon, sa unang kapanahunan ay ang kapanahunan ng leon. Iya'y ang Leon sa angkan ni Juda, si Cristo. Ang Kaniyang Sariling impluwensiya ng Buhay, ay kinuha ang kapanahunang iyan. Iyan ang unang *Hayop*, na nangangahulugang "Kapangyarihan," na sagot sa pantaong tinig.

144 Ang sumunod na kapanahunan ay ang kapanahunan ng guyang baka, o ang madilim na kapanahunan ng mangangabayo. Kita n'yo?

145 Ngayon, ang kadahilanan na ang unang kapanahunang ito ay isang maputing kapanahunan, ay dahil . . . Tulad—tulad ng palagi kong naririnig na sinasabi ng mga tao na iyang unang mangangabayo, ang maputi, ay ang kapangyarihan ng iglesya, na lumabas upang manakop. At natuklasan natin na siya'y binigyan ng isang korona, na iyan nga ito. Ito'y ang iglesya. Ito'y ang iglesya, ngunit saan siya nagtungo? Nagtungo sa Roma. Doon ay kung saan siya nagpunta. Tinanggap niya ang kaniyang korona.

146 Ngayon, ang ikalawang kapanahunan ay isang—ay isang nakasasakay sa mapulang kabayo, na siyang madilim na kapanahunan.

147 At ngayon—ngayon, ang—ang sumunod na kapanahunan, ay ang—ang tao, nang kapanahunan na siyang nakasasakay sa maitim na kabayo. At siya ay ang kapanahunan ng mga repormador, kita n'yo, nang ang—ang Tinig na nagsalita. Ngayon, ang nakasasakay sa kabayong maitim, iyan ang anti-cristo. Ngunit ang Isa na nagsasalita sa kapanahunang iyan ay inilalarawan bilang tao, at iya'y karunungan, matalino, marunong. Kita n'yo? At hindi nila nakuha iyan, kita n'yo. Hindi nila tinawag . . . Hindi nila siya pinangalanan. Kita n'yo? Sinabi lang nila na iyan ay tumungo.

148 Ngunit ngayon, kapag dumating ang kapanahunan ng agila, iyan ang isa na . . . Palaging inihahalintulad ng Diyos ang Kaniyang mga propeta sa mga agila. Tinawag Niya ang Kaniyang Sariling isang agila. Ang agila ay lumilipad nang napakataas, walang anupamang bagay na makagagalaw sa kaniya. Hindi lamang siya nasa taas doon, ngunit siya ay ginawa para sa gampaning iyan. Kapag pumapaitaas siya roon, nakikita niya kung nasaan siya. Ang ibang tao ay pumapaitaas doon at hindi makita kung nasaan sila, kaya walang idinudulot na mabuti sa kanila ang pumaitaas doon. Ngunit kung kayo . . .

149 Ngunit pabayaan mong subukan ng isang uwak na lumipad kasama ang isang agila, o isang lawin, kahit alin sa dalawa, siya ay malalansag. Kailangan pa siyang puwersahin para sa kung saan siya pupunta.

150 Iyan ang kaguluhan ngayon, ang ilan sa atin ay hindi napupuwersa. Sumasabog kaagad-agad tayo, kita n'yo, kapag tumatalon tayo. At, ngunit, kailangan tayong mapuwersa.

151 Kapag ikaw ay pumaitaas doon, at taglay ang matalas na paningin ng agila, upang makita kung anong darating, at malaman kung anong gagawin. Ngayon, inihayag Iyan ng agilang kapanahunan. Ngayon natuklasan natin, na ang kapanahunan ng agila ay naipangako sa Apocalipsis 10:7 at sa Malakias . . . :1, 4. Iyan ay magiging sa mga huling araw, kita n'yo, iya'y tama, na ito'y paririto. Tama. Pansinin.

152 Ngayon, ang taong ito, natagpuan natin na siya ay nakasakay sa isang maputlang kabayo. Maputla! Oh, naku! Matapos, pansinin matapos . . .

153 "Animnapu't walong milyong mga Preotestante," tulad ng nakuha natin mula—mula sa *Glorious Reform* ni Schmucker, ng—ng talaan ng mga martir ng Roma, kagabi. Natuklasan natin na, hanggang sa 1500 na marka, naniniwala akong ito'y, o labingwalo- . . . Hindi ko na matandaan ngayon ng husto. Ngunit ito'y animnapu't walong milyon na pinatay, upang iprotesta ang unang Romanong iglesya, ang Roma. Hindi nakapagtataka, kaya niyang ipagpanggap ang sarili niya sa pangalang kumakatawan sa . . . at tinawag na Kamatayan. Tiyak ngang siya.

154 Ngayon, ang Diyos lang ang nakaka-alam kung gaano karami ang dinulutan niya na mamatay sa espirituwal, sa pamamagitan ng kaniyang laban sa-Biblia, -Salitang katuruan! Ito ang isa na inilagay niya ang animnapu't walong milyon sa tabak, at pinatay sila. At malamang, sa literal, bilyun-bilyon ang namatay sa espirituwal, dahil sa kaniyang bulaang katuruan. Hindi nakapagtatakang magagawa niyang kunin ang pangalan ng Kamatayan!

155 Nakita n'yo ang mangangabayo? Ang unang dako, bilang isang anti-cristo, siya ay kamatayan, sa pagsisimula; ngunit siya ay inosente noon. Pagkatapos nakatanggap siya ng isang korona,

isang tripleng isa; at nang matanggap niya, pagkatapos siya'y pinagkaisa, pinag-isa ni Satanas ang kaniyang iglesya at estado, sapagka't siya ang nangunguna sa kanilang dalawa noon. Ang anti-cristo ay si Satanas, sa isang anyo ng isang tao.

156 At pagkatapos, gayun din, sa San Mateo, naniniwala akong ito nga, ang ika-4 na kabanata, nagsasabi sa atin niyan—niyan. Dinala ni Satanas si Jesus, ang Panginoon natin, sa itaas, at ipinakita sa Kaniya ang mga kaharian ng sanlibutan, lahat ng mga iyon, sa isang sandali ng panahon, at ang kaluwalhatian nila, inialok sila sa Kaniya. At ang sabi niya . . . Sila ay, sila ay sa kaniya.

157 Kaya, kita n'yo, kung gayon, kung mapapag-isa niya ang kaniyang estado at kaniyang iglesya, kung gayon ang mangangabayo ng mapulang kabayo ay makatatakbo, tiyak na tama. Kita n'yo? Tunay! Ngayon, pagkatapos, natuklasan natin ang hiwaga rito, sa kaniyang iglesya at estado.

158 Ang ikaapat na yugto ng kaniyang ministeryo, siya ay tinawag na hayop. Una siya ay tinawag na anti-cristo, kita n'yo; pagkatapos siya ay tinawag na bulaang propeta; at siya ay tinawag na hayop. Ngayon natagpuan natin siya rito na tinawag bilang ang hayop. Ngayon, gusto kong pansinin n'yo, iyan ay nang matapos ang ikaapat na kabayo.

159 At sa ikaapat na kabayong ito, kung mapapansin ninyo, lahat . . . Ang isang nauna ay maputi; at pagkatapos ang sumunod na isa ay mapula; at ang sumunod na isa ay maitim; at ang ikaapat, ang lahat ng iba pang tatlong ito ay inilarawan doon; sapagka't, ang maputla ay mapula at—at maputi, at kaya nga, pinaghalo-halo. Kita n'yo? Siya . . . Iyan—iyan lahat ay pinaghalo sa isang kabayong ito. Kita n'yo? At doon naging apat siya, o, sa katotohan, ang tatlo sa isa. At lahat ito'y pinaghalo sa isang bagay na iyan.

160 Ngayon gusto kong pansinin n'yo silang apat. Pansinin ang di wastong bilang, ng apat, ng espirituwal na matematika. Ang Diyos ay tatluhan. Ito ay apat. Siya ay nasa apat, dito. Una, anti-cristo, maputi; ikalawa, bulaang propeta, mapula; ikatlo, bikaryo ng kalangitan at lupa at—at purgatoryo, maitim; ikaapat, ang hayop, ang maputlang kabayo, si Satanas na pinalayas mula sa Kalangitan. Gusto n'yong basahin iyan? Apocalipsis 12:13, si Satanas ay pinalayas mula sa Kalangitan. Pagkatapos sa Apocalipsis 13:1, 8, siya ay nagkatawang tao sa persona ng hayop.

161 Siya nang una ay anti-cristo, lamang—isa lamang katuruan na tinawag na Nicolaitane; pagkatapos siya'y naging, mula roon, patungo sa isang bulaang propeta. Kung siya'y isang anti-cristo, ang anti-cristo ay *laban*. Anumang bagay na laban sa Salita ng Diyos ay laban sa Diyos, sapagka't ang Salita ay Diyos. "Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang

Salita ay nagkatawang tao, si Cristo, at nanahan sa atin." At ngayon siya ay laban sa Salita, kaya siya ay anti-cristo. Ngunit ang isang espiritu ay hindi maaring koronahan; iyan ang dahilan kung bakit hindi siya nakatanggap ng isang korona. Isang busog lamang, na walang mga palaso.

162 At pagkatapos nang siya ay dumating, sa panahon ng pagkokorona, pagkatapos siya ay naging ang bulaang propeta ng kaniyang anti-cristong katuruan. Nakuha iyan? Pagkatapos nakakuha siya ng isang tabak, sapagka't pinagkaisa niya ang kaniyang mga kapangyarihan ng sama-sama, pagkatapos hindi na niya kailangang magtanong kahit kanino. Siya ay gobernador ng estado; siya ay gobernador ng Kalangitan. Nakatanggap ng isang tripleng korona. Ginawan ang kaniyang sarili ng isang ideyang tinatawag na "purgatoryo." Kung saan, kung—kung ang ilan sa kanila ay mamatay roon, at mayroon silang ilang salapi, gustong bayaran sila upang makalabas, maipapanalangin niya sila palabas mula roon. Dahil, mayroon siyang kapangyarihan upang gawin ang gayon; isa siyang *bikaryo*. Tiyak, siya nga. "Kaniyang kinuha ang lugar ng Diyos, sa daigdig." Kung hindi pa naman iyan kasing linaw ng anumang bagay!

163 Natagpuan natin iyan, hinila iyan, mula sa Biblia, at binilang ang kaniyang mga bilang sa mga numero at lahat ng iba pang bagay. Dito siya ay . . .?. . . mismo rito sa numero apat, hindi numerong tatlo. Numerong apat, kita n'yo.

164 Ngayon buksan natin, ang Apocalipsis 12. Basahin lamang natin ito ng kaunti pa, pagka't tayo—tayo'y magkakaroon ng oras para gawin iyan. At basahin natin ang Apocalipsis ang—ang ika-12 kabanata at ang ika-13 talata. "At sa oras ding iyon ay nagkaroon ng isang malakas na lindol . . . " Hindi, nakuha ko ang—nakuha ko ang maling dako. Ang ika-13:

> *At nang makita ng dragon na siya'y inihagis sa lupa, ay inusig niya ang babaeng nanganak ng sanggol na lalaki.*

165 Ngayon, nakita n'yo, siya ay inihagis palabas, sa lupa, at nagkatawang-tao, bilang ang anti-cristong espiritu na nagkatawang tao sa isang tao. Ang taong iyan nagpabago-bago mula sa isang bagay tungo sa iba pa, mula sa isang anti-cristong espiritu tungo sa isang bulaang propeta, at pagkatapos ang hayop ay sumanib sa kaniya.

166 Sadyang tamang-tama tulad ng paglago ng Iglesya; ang kaniyang iglesya ay nagmula sa—mula sa anti-cristo patungong bulaang propeta, at, sa dakilang kapanahunan na darating, ang hayop na magbabangon. Kaya, ang Iglesya ay dumating sa gayunding paraan, sa pamamagitan ng pag-aaring ganap, pagpapa-banal, at ang bautismo ng Banal na Espiritu, ay si Cristo na sumasa mga tao, sadyang tamang-tama. At taglay niya ang kasalungat na tipo Niyan sa banda rito, ang . . . kita n'yo, ang

tipo Niyan, nga pala. Naroon siya, sadyang tamang-tama. Iya'y siya. Pinalayas siya mula sa Kalangitan.

167 Ngayon natuklasan natin, sa Apocalipsis 13:1 hanggang 8.

> *At ako'y tumayo sa buhanginan ng dagat, at nakita ko ang isang hayop na umaahon . . .*

168 Ngayon, narito ang 12, kung saan siya ay pinalayas. Ngayon pagmasdan.

> *. . .nakita ko ang isang hayop na umaahon sa dagat, na may sangpung sungay at pitong ulo, at sa kanilang mga sungay ay may sangpung diadema, at sa kaniyang mga* ulo *ay mga pangalan ng kapusungan.*

> *At ang hayop na aking nakita ay katulad ng isang leopardo, at ang kaniyang mga paa . . .*

169 Oh, kung mayroon lang tayong oras ngayon, kukunin natin ang nalalabi pa sa gabi, mismo sa kanila na mga simbolo roon, at ipakita, dalhin iyan diretso sa kaniya muli. Anuman, halos lahat sa inyo ay alam iyan, mula sa ibang mga paksa.

> *. . .ay. . .gaya ng mga paa ng sa oso, at ang kaniyang bibig. . .ay gaya ng bibig ng leon: at* ibinigay *sa kaniya ng dragon ang kaniyang kapangyarihan,. . .luklukan, at. . . kapamahalaan.*

170 Huh! Nagkatawang taong Satanas! Kita n'yo?

> *At nakita ko ang isa sa kaniyang mga ulo na waring . . . sinugatan ng ikamamatay;. . .*

171 At tuloy-tuloy, habang tayo'y nagpapatuloy, kung gusto ninyo, kapag kayo ay nagkaroon ng pagkakataon na magbasa tuloy-tuloy. Hindi, tayo'y—bumasa pa tayo ng kaunti pa.

> *At nakita ko ang isa sa kaniyang mga ulo na waring sinugatan. . .ng ikamamatay; at ang kaniyang sugat na ikamamatay ay gumaling: at ang buong lupa'y nanggilalas sa hayop.*

172 Masdan lamang ninyo! Huwag ninyong pagmasdan ang komunismo. Iya'y balewala kundi isang gamit lamang, na naglalaro sa mga kamay ng Diyos, upang tulungan kayo balang-araw na, "ipaghiganti ang dugo," tulad ng tatalakayin natin bukas ng gabi. Kita n'yo?

> *At sila'y nangagsisamba sa dragon . . .*

173 Sino ang dragon? Si Satanas. Iya'y tama? "Ang mapulang dragon." Tama.

> *. . .sapagka't ibinigay niya ang kaniyang kapamahalaan sa hayop* (kung saan niya nakuha ang kaniyang kapangyarihan, kita n'yo): *at sila'y nangagsisamba sa hayop, na nangagsasabi, Sino ang kagaya ng hayop? at sinong makababaka sa kaniya?*

*At binigyan siya ng isang bibig na nagsasalita ng malalaking bagay* ng kapusungan*: at binigyan siya ng kapamahalaan upang magpatuloy na apat na pu't dalawang buwan.*

*At binuka niya ang kaniyang bibig sa mga kapusungan laban sa Diyos,* (Hayan na kayo, kita n'yo. Mabuti.)... *upang pusungin ang kaniyang pangalan,* (bigyan siya ng isang titulo)...*ang kaniyang tabernakulo* (na siyang dako na tinatahanan ng Banal na Espiritu),...

174 Upang gawan iyan ng isang lugar sa Roma, isang Vaticanong Siyudad. Maaari kayong magpatuloy lamang:

*...gayon din naman ang mga nananahan sa langit.*

175 Pinusung sila, sa pamamagitan ng pagsasabing sila ay mga tagapamagitan.

*At ipinagkaloob sa kaniya na makipagbaka sa mga banal* (at kaniyang ginawa), *at pagtagumpayan sila* (nagtagumpay nga siya):...

176 Sinunog sila sa mga tulos! Ipinakain sila sa mga leon! At pinatay sila sa anumang paraan na magagawa niya!

*...at binigyan siya ng kapamahalaan sa bawa't angkan,...wika, at bansa.*

177 Ito ay hindi naging ganiyan noon sa Roma bago ang paganong Roma ay masalin tungo sa maka-papang Roma, at ang kapangyarihang Katoliko ay kumalat sa mundo, ginawa ang pandaigdigang Katolikong iglesya.

*At lahat ng nangananahan sa lupa ay magsisisamba sa kaniya, na ang kanikaniyang pangalan ay hindi nasusulat sa aklat...*

178 "Huwag gagalawin ang Aking Langis at alak!" Kita n'yo?

*At ang lahat ng nangananahan sa lupa ay magsisisamba sa kaniya, na ang kanikaniyang pangalan ay hindi nasusulat sa aklat ng buhay ng Cordero na pinatay buhat nang itatag ang sanglibutan.*

*Kung ang sinoman ay* may *pakinig, ay makinig.*

*Kung ang sinoman ay sa pagkabihag ay sa pagkabihag paroroon siya: kung ang sinoman ay papatay sa tabak ay dapat siyang mamatay sa tabak. Narito ang pagtitiyaga at...ang pananampalataya ng mga banal.*

179 Ngayon, nakita natin siyang dumarating, kagabi, taglay ang malaki niyang tabak, upang pumatay.

180 Natagpuan natin na siya ay napatay sa pamamagitan ng tabak, din, ang tabak ng Salita. Ang Salita ng Diyos, matalas, tabak na magkabila ang-talim, pinatay siya, iginupo siya. Hintayin hanggang ang Pitong Kulog na iyon ay bigkasin ang Kanilang mga tinig, ng grupong iyan na talagang matatanggap

ang Salita ng Diyos at ipasa Iyan doon, Iya'y hihiwa at puputol. At maisasara nila ang mga kalangitan. Maisasara nila *ito,* o gawin *iyan,* anuman ang nais nilang gawin. Kaluwalhatian! Siya ay mapapatay sa pamamagitan ng Salita na lumalabas mula sa Kaniyang bibig, na mas matalas kaysa isang tabak na may magkabilang talim. Maaari silang tumawag para sa daang-bilyong mga tonelada ng mga langaw kung naisin nila. Amen. Anuman ang sabihin nila, ay magaganap, sapagkat Ito'y ang Salita ng Diyos na lumalabas mula sa bibig ng Diyos. Oo. Amen. Ang Diyos, palaging, Ito'y ang Kaniyang Salita, ngunit palagi Siyang gumagamit ng tao upang ganapin Ito.

181 Magagawang tumawag ang Diyos para sa kanila ng mga langaw, doon sa Ehipto, ngunit ang sabi Niya, "Moises, iya'y trabaho mo. Sasabihin ko lang sa iyo kung anong gagawin, at tumungo ka't gawin iyan." Lubusan niyang nagawa iyan. Kita n'yo? Kaniya—maari Niyang piliin ang—ang araw upang tawagin sila, maari Niyang ipagawa sa buwan na tawagin ito, o ang hangin upang tawagin ito. Ngunit, Kaniya—sinabi Niya, "Moises." Iyan, iyan . . . Pinili Niya ang Kaniyang tao. Tama.

182 Ngayon natuklasan natin dito, na ang Satanas na ito, matapos na palayasin sa Kalangitan, ay isina-katawang-tao ang kaniyang sarili sa hayop. At ngayon siya ay isang hayop; anti-cristo, bulaang propeta, at ngayon hayop. At binigyan ng pangalan ng Kamatayan! At ang Impiyerno ay sumusunod sa kaniya! Ganap na Satanas, sa kaniyang trono! Oh, naku! Sa lupa, siya ay si Satanas, representante, sa lupa, na siya ngayon ang ulo ng mga kaharian ng mundo, ang mismong siya ring mga kaharian na kaniyang inialok sa Panginoong Jesus sa Mateo 4. Si Satanas ngayon ay naging isang ganap na hari.

183 Ngayon, ito ay nangyari sa bandang huli na. Siya ay bulaang propeta ngayon. Siya ay magiging hayop, matapos ang ilang panahon, kapag sinira niya ang kaniyang kasunduan doon sa mga Hudyo. Alam n'yo kung paano tayo . . . Mabuti, pansinin ngayon, siya ay bibigyan ng isang puso ng isang hayop, sa panahong iyon, at isasa-katawang tao ni Satanas ang kaniyang sarili. Sapagka't, nang umakyat ang Iglesya, si Satanas ay pinalayas. Kita n'yo? Kita n'yo? Iya'y tapos na, kung gayon, lahat ng pambibintang niya ay tapos na. Kita n'yo? Ngayon, habang . . .

184 Tingnan, habang ang Tagapamagitan ay nananatili pa sa Trono, si Satanas ay makatatayo roon at makapagbibintang, sapagka't siya ang abugado ng kabilang panig. Siya ang katunggali ni Cristo. At si Cristo ay . . . Siya ay nakatayo roon, ang—ang—ang katunggali ang nakatayo roon, nagsasabing, "Ngunit, hintay! Si Adam ay nahulog! Nagawa *ito* ni Adam! Napagtagumpayanan ko siya. Nagawa kong mapaniwala ang kaniyang asawa sa isang kasinungalingan. At sinabi Mong siya ay masusumpa sa pamamagitan niyan. Nakuha ko ito!"

185 Ngunit heto ang Tagapamagitan na nakatayo roon, amen, ang Malapit na Kamag-anak na Manunubos, amen, nakatayo roon na may Dugo na makapag-aalis ng pinaka masamang puso ng makasalan at baguhin iyan. Ang Tagapamagitan ay nasa Trono. Opo, ginoo.

Sabi ni Satanas, "Ngunit sila'y may sala!"

Masasabi Niyang, "Sila'y hindi."

186 Ang Clorox na iyan ay naimbento, o naimanupaktura, upang mag-alis ng mantsa, kunin ang kulay mula sa tinta o anumang iba pang mantsa. Nakuha nila iyan. Sisirain nito iyan hanggang sa hindi mo na kailanman matatagpuan pang muli ito. Ito'y bumalik sa mga gas, at nagpatuloy pabalik sa kosmik na liwanag. At nilagpasan ang mga molekula at lahat ng iba pang bagay, hanggang ito ay bumalik sa orihinal kung saan ito'y nagmula. Ito'y isang paglikha. Mayroong. . .Ang isang likha ay kailangang magmula sa isang Manglilikha. Ngunit lahat ng mga kemikal na naimanupaktura at pinagsama-sama, sila'y nawasak, at iyan lang ang lahat na mayroon diyan. Wala nang natitira pa rito. Maging ang pinaka—ang pinaka substansiya ng tubig niyan, na naihalo sa Clorox, na siyang mga abo.

187 Amen! Kaluwalhatian sa Diyos! Lahat ng ito'y malinis na. Ito ang ginagawa ng Dugo ni Jesus Cristo sa totoong anak ng Diyos, kapag ipinagtapat niya ang kasalanang iyan at tumatayo roon, inaring-ganap sa Kaniyang. . .Habag! Kabutihan! Kahit na ito'y napakalaki hanggang sabihin ng Diyos, "Ni hindi ko na ito matandaan pa. At siya ay totoong Aking anak."

188 "Katotohanang, sinasabi Ko sa inyo, kung sasabihin n'yo sa bundok na ito 'malipat ka,' at hindi mag-alinlangan sa inyong puso, datapuwa't manampalataya sa inyong sinabi, kayo. . .ay magaganap. Makukuha n'yo iyan na inyong sinabi na mangyari." Ikaw ay isang tinubos na anak. Amen! Alam kong totoo iyan.

189 Nakakita ako ng mga squirrel na lumitaw roon, sa anim na iba't-ibang mga pagkakataon, na hindi ko alam na mauupo rito. Tulad lamang, makalilikha Siya ng mga squirrel ng tulad na Siya'y makalilikha ng mga langaw, o mga palaka, o anumang bagay pa. Siya, Siya ay Diyos, ang Manglilikha. Tama! At kapag walang mortal na nilalang. . .

190 Ngunit nang ang kasalanang iyan ng mortal na iya'y naipagtapat at naihulog sa Clorox na iyan, ng pampaputi ni Jesus Cristo, pinapaputi Nito ang lahat ng kasalanan. Siya ay purong dalisay, walang kasalanan, walang kapintasan. "Siya na ipinanganak ng Diyos ay hindi nagkakasala, sapagka't hindi siya maaring magkasala." Ang pampaputi ay tumatayo sa pagitan niya at ng Diyos. Paano nga iyan mapupunta roon, kung winawasak nito iyan at ipinadadala ito diretso pabalik sa isa na nangbaluktot nito! Amen!

191 Whew! Nakadarama ako ng pagiging relihiyoso. Ako—sinasabi ko sa inyo, ako'y mayroong mga kasiglahan ngayon habang ito'y nagpapasimulang mahayag.

192 Pansinin, buong-buong Satanas, sa kaniyang trono. Opo, ginoo. Inialok iyan sa Diyos, inialok iyan sa Panginoon natin. Heto siya, nakaupo rito, kasama ang makahayop na pusong ito sa kaniya. Ngayon, heto ang persona, ang hayop, ang nagkatawang taong Diablo. Ginawa niya ang kaniyang pagpapakita rito sa lupa, sa ilalim ng bulaang pagkukunwari. Oh, naku, pambihira! Sa ilalim ng bulaang pagkukunwari ng totoong Salita, kaniyang isinasama ang kaniyang sarili sa Salita.

193 Ginawa lamang niya ang gayunding bagay na ginawa ng kaniyang—kaniyang tipo, na si Judas, dalawang libong taon na ang nakararaan. Ano ang kaniyang ginawa? Si Judas ay pumasok, bilang isang mananampalataya, bilang isang Diablo mula sa pasimula. "Siya ay ipinanganak na anak ng kapahamakan." Wala siyang malinlang sa panig ni Jesus, dahil kilala na Niya siya mula sa pinakapasimula; amen, sapagka't Siya ang Salita. Tama. At, alalahanin, kinuha ni Judas ang posisyon bilang ingat-yaman, at nahulog sa salapi.

194 Gayun din ang iglesya sa araw ito! Ang iglesya Katolika, tulad nang napansin natin kagabi, nagpapabayad para sa mga nobena, nagpapabayad para sa mga panalangin, at nagpapabayad para sa lahat ng bagay. Iya'y halos pareho, at nahulog nang gayunding bagay sa mga anak ng iglesya Katolika, ay ang mga Protestante. Ang buong bagay ay nababalot sa salapi. Doon'y kung saan nahulog si Judas, at dito ay kung saan siya nahulog, at doon ay kung saan ang mga Protestante ay nahulog.

195 Pagmasdan, sumakay sa isang maputlang kabayo habang siya ay lumitaw sa kaniyang pagtakbo, ang huling pagtakbong ito. Siya'y nasa kaniyang huli na ngayon. Ngayon, iyan ay hindi sa panahon natin. Iya'y sa pagpapatuloy. Iya'y ang Tatak, na inihula. Dahil, kita n'yo, ang Iglesya ay natapos ng kunin kapag ito ay naganap. Kapag si Cristo ay lumitaw dito sa lupa, bilang—bilang—bilang . . . Ang lalaking ito ay lumitaw, at naging ganap, ganap na ang Diablo; mula sa anti-cristo, hanggang sa pagpapatuloy, patungo sa bulaang propeta, pagkatapos patungo sa hayop, ang Diablo mismo sa kaniyang sarili. At siya ay sumasakay sa isang maputlang kabayo, nakulayang palibot, at nahahaluan ng lahat ng uri ng mga kulay, upang gawin siyang maputla at mala-kamatayan.

196 Ngunit kapag ang Panginoon natin ay lumitaw dito sa lupa, Siya'y sasakay sa isang mala-niyebeng-maputing kabayo. At Siya'y magiging ganap, lubusan, na ang Emmanuel, ang Salita ng Diyos na nagsakatawan sa isang Tao. Kita n'yo? Ganoon

lamang kung gaano ang kaibahan mayroon sa kanila. Iyan ang kaibahan nila.

197 Pansinin, ang anti-cristo ay nasa isang maputlang kabayo, pinaghalong kulay. Ang kabayo ay isang hayop na sumasagisag sa isang kapangyarihan. Ang kaniyang kapangyarihan ay pinaghalu-halo. Bakit? Ito'y pulitika, ito'y— ito'y pambansang mga kapangyarihan, ito'y isang pangrelihiyong mga kapangyarihan, ito'y mga kapangyarihan ng demonyo. Ito ang lahat ng uri ng mga kapangyarihan na sama-samang pinaghalu-halo, isang pinaghalu-halong, maputlang kabayo nga. Mayroon siya ng lahat ng uri ng mga kapangyarihan.

198 Ngunit kapag si Jesus ay dumating, ito'y nasa isang solidong-kulay ng kabayo, ang Salita. Amen!

199 Ang isang ito ay pinaghahalo ang kaniyang mga kulay, ng mapula, maputi, maitim; tatlong mga kulay sa isa, isinasagisag sa isa. At tatlong mga kapangyarihang isinasagisag sa isa; ang maputing kabayo, ang maitim na kabayo, mapulang kabayo. At tatlong mga korona, sa isa. Kita n'yo? Tiyak.

200 Nakita ko na ang korona, ako mismo; tumayo, naku, *ganiyan* kalapit at tumingin doon. Hindi ako pinayagang makalapit doon, dahil sa mga salamin, nito. Kaya naroon iyan, na may isang malaking kandado roon, nakapatong sa isang kaha: tripleng korona. Kaya alam kong ito'y ang katotohanan. Uh-huh. Kaya naroon nga siya, tripleng korona, bikaryo: kalangitan, purgatoryo, at lupa.

201 Tatlong mga kapangyarihang sama-samang pinagkaisa, kita n'yo, lahat ay pinaghalu-halo sa isang kulay, maputla. Ang Kamatayan ay nangungusap sa buong bagay; pulitikal, at—at pangrelihiyon, at—at ang demonyong kapangyarihan, pinaghalong sama-sama. Pulitika, siya ang hari ng pulitika, si Satanas nga. Matalino! Whew! Tiyak. Huwag tangkaing linlangin siya. Sadyang—magtiwala lamang sa Panginoon. Iyan lang lahat.

202 Gaya nang ako'y, lahat, tumungo na sa kabuuan niyan noong una. Lahat ay matalino, mga edukasyon at mga bagay na tulad niyan, nanggaling mula sa maling panig. Sundan lamang ito sa Kasulatan, tuklasin kung iya'y tama. Sundan ang mga anak ni Cain at tingnan kung naging ano sila. Pagkatapos sundan ang mga anak ni Seth, tingnan kung ano nga sila. Hindi sa sinusuportahan ko ang kaignorantehan, hindi sa anomang paraan. Hindi, ginoo. Ngunit ikaw ay kumuha ng sinumang tao, halos, ng Biblia, napaka dalang . . .

203 At mayroong isa na nagngangalang Pablo, na isang matalinong lalaki, at ang sabi niya kailangan niyang kalimutan lahat ng bagay na kaniyang nalaman, upang makilala si Cristo. Ang sabi niya, "Hindi ako dumating sa inyo na

may mga mapanghikayat na mga salita ng karunungan ng tao, ngunit ako'y dumating sa inyo sa Kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli ni Cristo." Iya'y tama, Kapangyarihan ng Espiritu Santo!

204 Tumingin sa mga iba. Ang ilan sa kanila ay halos ni hindi nalalaman ang kanan at sa kaliwang kamay. At—at, oh, tumingin sa kapanahunan ng mga propeta, at kung saan sila nagmula, at iba pa. Nakita n'yo ang ibig kong sabihin?

205 Kita n'yo, ito'y isang matalino, intelektuwal, at karunungan. Ang karunungan ay talagang ang pinakabagay na naglalayo sa iyo mula sa Diyos.

206 Siya ay mayroong tatlong kapangyarihan, o tatlong— tatlong nasasaklawan: ang lupa, Langit, at purgatoryo.

207 Siya ay, sa kaniyang sarili, isang tatluhan. Iyan ay sa kung saan siya gawa. At siya'y sumasakay sa isang tatluhan. Ang kaniyang kapangyarihan ay nasa isang tatluhan. Ang kaniyang korona ay nasa isang tatluhan. Ang kaniyang kabayo ay nasa isang tatluhan. Iyan nga kung ano siya, isang tatluhan; isang kapangyarihan ng tatluhan, isang korona ng tatluhan, isang kabayo (tumatakbo) ng tatluhan; Iyan ay mga tungkulin, isang apat muli, kita n'yo, isang apat muli. Tama.

208 Ang tatlong mga yugto ng kaniyang ministeryo, ay ginawa siyang isang tao, si Satanas na nagkatawang-tao. Tatlong estado ng mini-. . .anti-cristo, bulaang propeta, at hayop. Silang tatlo, tumitipo, kita n'yo. Ngayon mayroong tatlong mga tipo, ngayon, ginawa siya niyan.

209 Ang Diyos, ginawang hayag ng Diyos ang Kaniyang Sarili, din, sa tubig, Dugo, Espiritu; ginagawa ang isang Cristiyano na isang anak ng Diyos, sa pamamagitan ng Salita ng Diyos. Kita n'yo? At ang tatlong kapangyarihang *ito* ay ginagawa siyang isang Diablo. Kita n'yo? Oh, Ito rito, ay tubig, Dugo, at Espiritu, na siyang sa Diyos. At *iyan ay* pulitika, relihiyon, at kapangyarihang demonyo, pinaghalong magkakasama, ginawa siyang ang Diablo.

210 Ang unang pagdating ni Cristo, isang mortal. Siya'y dumating ng tatlong ulit. Si Cristo ay nasa tatlo. Kita n'yo? (Pagmasdan kung paano siya dumating; siya'y ang apat.) Pagmasdan si Cristo. Unang pagdating, Siya ay dumating na isang mortal, upang magdugo at mamatay. Tama ba iyan? Iya'y ang Kaniyang unang pagdating. Ang ikalawang pagdating ay ang Pag-agaw; sasalubungin natin Siya sa alapaap, walang kamatayan. Ang Kaniyang ikatlong pagdating, Siya ay ang nagkatawang taong Diyos. Amen! [Ipinalalakpak ni Kapatid na Branham ang kaniyang kamay ng minsan—Pat.] Ang Diyos, Emmanuel, upang maghari sa daigdig! Iya'y tama, tatlo lamang.

211 Ang ikaapat na yugto ng mangangabayo, pagmasdan. Ang ikaapat na yugto ng mangangabayong ito ay tinawag na

Kamatayan. Ang *Kamatayan* ay nangangahulugang "Walang Hanggang pagkakahiwalay mula sa Diyos." Iya'y kung ano ang kahulugan ng kamatayan, ang maging Walang Hanggang hiwalay mula sa Diyos.

212 Ngayon, kung inilagay natin ang taong ito sa labas, klas, kung ipinakita natin sa pamamagitan ng Biblia, kung sino ang taong iyan; at kinuha pa natin maging ang mga burol, ang lugar at lahat ng dako, sadyang tamang-tamang detalyado, hanggang sa pagpapatuloy. At ngayon siya ay tinawag, sa pamamagitan ng agila, na "Kamatayan." Iyan nga ang Kaniyang itinatawag sa kaniya. Tandaan, dito, kita n'yo, ang kamatayan ay Walang Hanggang pagkakahiwalay.

213 Tandaan, ang mga banal ay hindi namamatay. Sila'y natutulog, hindi namamatay. "Siya na dumirinig ng Aking mga Salita, at sumasampalataya sa Kaniya na nagsugo sa Akin, ay mayroong Buhay na Walang Hanggan." Iya'y tama. "Hindi na nga doroon pa sa paghatol; ay lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan. Ako ang pagkabuhay na maguli at ang Buhay," sabi ni Jesus. "Siya na sumasampalataya sa akin, bagama't siya'y mamatay, gayun man siya'y mabubuhay. At sinomang nabubuhay at sumasampalataya sa Akin ay hindi mamamatay magpakailanman." Si Lazarus, patay? "Siya'y natutulog."

214 "Huwag matakot, ang dalaga ay hindi patay, kundi natutulog." Pinagtawanan nila Siya sa panglilibak. Tama ba iyan? Oh, naku! Kita n'yo, ang mga banal ay hindi namamatay.

215 Ang pagkakahiwalay mula sa Diyos ay kamatayan, Walang Hanggang kamatayan. At ang taong ito ay tinatawag na "Kamatayan," kaya manatiling malayo sa kaniya. Ano siya? Isang organisadong, organisasyonal na sistema; ang una, numero unong, iglesya, organisado, at nang kinuha niya ang— ang pang-unawa ni Constantino, sa Konseho ng Nicaea.

216 Dinala namin silang mga kababaihan, kagabi, at ipinakita kung paano na si Eva, ang unang nobya, bago pa man nakatungo sa kaniya ang kaniyang asawang lalaki, siya'y nahulog, sa di-paniniwala sa Salita ng Diyos sa Eden. Ang espirituwal na nobya na ipinanganak sa Araw ng Pentekostes ni Cristo, bago Siya makatungo sa kaniya, anong naganap? Siya'y nahulog, sa Roma. Ano? Ipinagpalit ang kaniyang kalinisan ng Salita, para sa dogma. Amen. Oh, naku!

217 Ako—ako—nararamdaman ko ang kasiglahang dumarating muli sa akin, opo, ginoo, iniisip iyang. . . Hindi ko ibig kumilos na parang baliw. Hindi ko ibig sabihin iyan. Ngunit ako lamang. . . Hindi ninyo napapagtanto kung anong ginagawa niyan sa akin. Ako ay gumugol na rito ng apat na araw na ngayon. Sadyang. . . at mayroon lamang akong sasabihing ilang bagay, tipong magkakaroon muli ako ng ako damdaming tao muli. Alam n'yo na kung ano ang ibig kong sabihin. Oo. Mabuti.

Magpasimulang mangusap tulad niyan, at makikita ninyo ang mga pangitaing nabubuksan sa lahat ng dako. Iya'y tama. Nakita n'yo, iyan ang kadahilanang ako'y nagsasabi ng ilang bagay upang ibalik ang sarili ko muli, at yugyugin pabalik muli. Kita n'yo?

218 Napapansin n'yo ba ako kapag ako mayroong hanay ng pagkilala? Ako'y magsasabi ng isang bagay, na matatawa ang mga tao; pagkatapos ako ay magsasabi ng isang bagay, paiiyakin ang mga tao; pagkatapos ako ay magsasabi ng isang bagay, pagagalitin sila. Ako ay mayroong ilang bagay na tinamaan. At ako'y may sasabihin, upang makita kung paano ito tatanggapin, pagkatapos nakikita ko kung anong uri ng liwanag ang nasa kanila, kung anong naganap. Alam ko kung saan ito, at alam ko kung Ito'y tumatawag o hindi. Kung ito'y hindi . . . Nakaupo roon, isang tunay na mananampalataya, mabuti. Tatawagin n'yo sila, pagkatapos, sasabihing, "Ikaw, *Ganoon-at-ganito*."

219 At kapag ikaw ay bumaba, ang Espiritu ay nagpapasimulang magpahid, pagkatapos magsisimulang makita ang mga pagkislap na iyan na nagmumula sa lahat ng dako, kita n'yo, tulad niyan, sa palibot, sa palibot ng silid. Kaya, iyan ang dahilan na sinasabi ko ang isang bagay, parang tipong magsimula pabalik muli, magsimula ng panibago muli, kita n'yo.

220 Simula pa noong nakaraang Linggo, ako ay umupo lamang mismo sa isang silid, nananalangin lamang, iyan lang lahat, at sa ilalim na pagpapahid. At alam kong Ito ay tama. Kayo'y nananampalataya sa Diyos. Alam kong kayo'y nananampalataya. Mag-antabay lamang kayo sa katapusan ng linggo. Uh-huh. Kita n'yo? Kita n'yo? Mabuti. Kita n'yo?

221 Ngayon, ang kamatayan ay nangangahulugang Walang Hanggang pagkakahiwalay mula sa Diyos. At tandaan, ngayon, ang mga banal ay hindi namamatay.

222 Alalahanin, ang kaniyang nobya ay binigyan ng isang maputlang kabayo . . . Ang ibig kong sabihin, ang mangangabayong ito ay binigyan ng isang maputlang kabayo, upang—upang sa pamamagitan nito'y tumungo. Siya ay binigyan nitong—nitong maputlang kabayo, upang sa pamamagitan nito'y tumungo. At sinakyan niya ang maputlang kabayong ito, ng kamatayan. Ngayon alam natin kung ano nga iyan. Alam natin kung anong iglesya nga iyan.

223 At tandaan, sa huling gabi, siya ay hindi lamang isang "patutot," siya ay "ang ina ng mga patutot."

224 At natuklasan natin, na kung ano'ng gumawa sa kaniya bilang isang patutot, ay, ang isang babae na ang gayong tipo ng isang babae. Ako lamang . . . Iya'y isang mabigat na salita, para sabihin sa kalagitnaan ng isang halu-halong tagapakinig. Ngunit iyan ay sinasabi ng Biblia, kita n'yo. Kaya,

pagkatapos, napagtanto natin na iya'y isang—iya'y isang babae na namumuhay ng di-tapat sa kaniyang mga sinumpaan sa kasal. At nakita ninyo, siya ay ipinagpalagay na, sinabi sa kaniyang sarili, tinawag ang kaniyang sariling, "Ang Reyna ng Kalangitan." (Iyan ay magiging ang Nobya ng Diyos. Ang Diyos ay si Cristo.) At natuklasan natin na siya ay nakagagawa ng mga pakikiapid, at ang mga hari ng lupa ay nakagagawa ng mga pangangalunya dahil sa kaniya, at lahat ng mayayamang mga tao, at mga dakilang tao. Ang buong daigdig ay sumunod sa kaniya. Kita n'yo?

225 At pagkatapos napag-alaman natin na siya'y nagkaroon ng ilang mga anak na babae, at sila ay mga patotot. Ano nga ba ang patutot kundi isang prostityut, parehong bagay; isang mapakiapid, mga pakikiapid, kasamaan, mga pangangalunya, nakakagawa. Anong ginawa nila? Nag-organisa, may isang sistema, itinuro ang mga gawang-taong mga sistema, Pentekostes at ang buong lupon!

226 Ngayon, huwag hayaang ang inyong—inyong konsensiya ay mahulog sa bulsa ninyo, Pentekostes. Hayaang sabihin ko sa inyo ang isang bagay. Tingnan natin ang bagay mismo ng tuwiran. Masyado na tayong huli sa daanan ngayon, upang magpaliguyligoy. Tumingin Dito.

227 Nabubuhay tayo sa Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea. At iyan ang pinaka nakakatawang kapanahunan ng iglesya sa lahat pa ng ibang mga ito, isang malahininga, at ang namumukod tangi na si Cristo ay nasa labas, nagsisikap na makapasok pabalik. At iyan ang mensaheng Pentekostal na nagpapatuloy, sinasabing, "Ako'y mayaman!" Aba, ikaw ay dukha, nang una. Ngayon talagang yumaman ka na, kita n'yo. "Hindi nangangailangan ng anuman!" At—at, oh, kung ano ka nga!

228 Sinabi Niya, "Ika'y hubad, miserable, bulag, dukha, kaawa-awa, at ni hindi man lang ito nalalaman."

229 Ngayon, kung ang isang tao ay hubad, doon sa labas ng lansangan, at alam ito, aba, sisikapin niyang tulungan ang kaniyang sarili. Ngunit kapag siya—kapag hindi niya alam ito, at hindi mo masabi sa kaniya ang kaibahan, kung gayon siya ay nasa masamang kalagayan. Mahahabag nawa ang Diyos sa kaniya. Tama. Pansinin. Oh, naku!

230 Ngayon, tandaan, ang anti-cristong ito, siya mismo, bilang ang tao; ang kaniyang nobya, na siyang kaniyang iglesya, "ay pinagkalooban ng panahon upang makapagsisi, at hindi niya ginawa ito," sa kapanahunan ng iglesyang iyan, Tiatira. Natatandaan n'yo ba ito? Maaari n'yo . . .

231 Buweno, tayo'y bumalik sandali. Hindi ito makakaabala sa atin sa pagbalik ng sandali lamang. Tayo'y bumalik, para sa ika-2 kabanata, sandali lamang. Babasahin lang natin ito, ika-

2 kabanata ng. . .ngayon, Tiatira. Ngayon pagmasdan ito, ng sadyang madali ngayon. Naku, halos tayo'y nasa oras na ng pagsasarado, at hindi pa nakakapag-umpisa. Ngunit, pansinin, ang Tiatira. Ngayon, ito'y nagsimula sa ika-18 talata ng—ng ika-2 kabanata.

> *. . .sa anghel* (iya'y ang mensahero) *ng iglesya sa Tiatira ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Anak ng Diyos, na* may *mga matang gaya ng* ningas ng apoy*. . .at ang kaniyang mga paa ay* gaya ng *tansong binuli:*
>
> *Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at ang* iyong *pagibig, at ang inyong ministeryo, at iyong pananampalataya,. . .iyong pagtitiis, at ang iyong mga gawa; at* ika'y kailangang maging higit kaysa sa*. . .at ang huling gawa ay higit kaysa mga una.*
>
> *Datapuwa't ako ay mayroong laban sa iyo, na pinahintulutan mo ang babaing si Jezebel, . . .*

232 Hayan na kayo. Kilala n'yo siya, sa Biblia. Siya ang asawa ni Ahab. At narito ang babae, iglesya, Jezebel, ang asawa ng bulaang propeta, na ipinagpalagay na siyang tunay na propeta ng Diyos, ang papa; tama, ang tunay na propeta at ang kaniyang asawa, si Jezebel. Ngayon, si Ahab ay ipinagpalagay na siyang isang tunay na Hudyo, ngunit siya ay isang tampalasan, alam n'yo iyan, sapagka't ang kaniyang asawang babae ay pinangunahan lamang siya sa anumang paraan na kaniyang naisin. Natuklasan natin, kinuha ni Jezebel ang kaniyang salapi at pinangunahan ang mga ito sa daan na nais nila, rin.

> *. . .na nagpapanggap na propetisa,* (nakuha n'yo iyan?), *at siya'y nagtuturo at . . .* humihikayat *sa aking mga lingkod* (kita n'yo, ang katuruang Jezebel na iya'y lumaganap sa bansa) *upang makiapid, at. . .kumain ng mga bagay na inihain sa mga diyusdiyosan.*
>
> *. . .binigyan ko siya ng panahon upang makapagsisi* (kita n'yo?) *at siya'y ayaw magsisi sa kaniyang pakikiapid.*

233 Pagmasdan ang sumunod na talatang ito.

> *. . .akin siyang iraratay sa higaan,* (iya'y impiyerno), *at ang mga nakikiapid sa kaniya sa* dakilang kapighatian,. . .(Iya'y tutungo papunta sa dakilang Kapighatian. Hindi ang Iglesya, ngayon.)*. . .maliban na kung sila'y magsisisipagsisi sa kanilang mga gawa.*

234 Ngayon pagmasdan, dito.

> *. . .papatayin ko ng salot* (espirituwal na kamatayan) *ang kaniyang mga anak* (kaniyang mga patutot);. . .

235 Pinaniniwalaan n'yo iyan? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Iya'y ang Salita. "Papatayin ko sila ng salot."

At kung sila ay patay, sila ay hiwalay Magpasawalang hanggan. Tama. Tandaan, binigyan Niya siya ng panahon upang magsisi.

236 Ang Kapanahunan ng Tiatira ay ang kapanahunang madilim. Ang maitim na mangangabayo ay tumakbo sa panahong iyan, nang ang lahat ng mga misa at lahat ng mga bagay ay kailangang bayaran, at ang mga panalangin, at—at ang mga novena, at kung anu-ano pa. Ngayon nakita n'yo ang kaniyang maitim na kabayo, pagkatapos, makaraang siya ay tumangging magsisi sa Tiatira, (ano?) binago ang kaniyang pagsakay mula sa isang maitim na kabayo patungo sa isang maputlang isa, kamatayan, para sa kaniyang huling ministeryo.

237 Ngayon, maaring bigyan ko lamang ang isang indibidwal ng kaunting pagyugyog dito. Ang tanggihan ang Diyos, upang tanggihan ang tawag ng Diyos, gagawin mo ito sa huling pagkakataon minsan. At, tulad na lamang ng ginawa ng iglesyang iyan, ito'y tapos na. Ang Diyos, ang pagtitiis, ay hindi palaging makikipagpunyagi sa tao. Kita n'yo?

238 At nang tanggihan niya Ito, at tinanggihang tanggapin Ito, pagkaraa'y siya'y nagbago at tumungo. . . Ngayon siya ay may isang pangalang tinawag na "Kamatayan," pagkakahiwalay. Sabi ng Diyos, "Kukunin Ko maging ang kaniyang mga anak, ang mga Protestante, at bawat isa sa kanila ay Aking papatayin sa pamamagitan ng Walang Hanggang pagkakahiwalay." Hayan ka na, Kapanahunan ng Tiatira, ang madilim na kapanahunan. Ang maitim niyang kabayo na ngayon ay nagmimistulang sa kamatayan, para sa kaniyang panghuling ministeryo.

239 Nakita n'yo kung paanong ang mga kapanahunan ng iglesya ay nagkakatugma sa mga Tatak? Sadyang walang kamali-mali. At alam nating Ito'y tama. Ang Banal na Espiritu ay hindi nakagagawa ng kamalian. Binigyan Niya tayo ng isang dakilang pagpapatunay, nang huling pagkakataon, nang natapos natin ang mga kapanahunan ng iglesya noon doon, alam n'yo na.

240 Nakita n'yo ang pagmamahal, pagiging banayad sa pagkagalit ng Diyos! Bago Siya nagbigay ng hatol sa kaniya, binigyan Niya siya ng pagkakataon upang magsisi. At ito'y sa Pangalan ng Panginoon na sinasabi ko ito: binigyan Niya ang iglesyang Protestante ng gayunding bagay, at ayaw niyang gawin ito. Ang Mensahe ay nangyugyog sa lahat ng dako, at ayaw niyang gawin ito. Kukunin niya ang kaniyang sariling mga dogma at mga kredo, bale wala sa akin kahit gaano n'yo Ito ipaliwanag.

241 Tulad ng sabi ko roon sa Chicago, noong isang araw, para sa mas maraming mga ministro kaysa mga taong nakaupo rito! At doon ay binatikos nila ako, tungkol sa Doktrina, ang binhi ng serpiyente at lahat ng iba pang bagay na ito. Ang sabi ko, "Kunin ng sinuman ang iyong Biblia, at tumungo rito at tumayo sa tabi ko kung gayon." At walang sinumang nakapagsabi ng anuman.

242 Sabi ni Tommy Hicks, "Ako—hindi ko pa narinig kailanman Iyan, Kapatid na Branham. Gusto ko ng tatlong daan ng mga teyp na iyan. Ipadadala ko ang mga iyan sa lahat ng mga ministro ko."

243 Mayroong mga limampu, o pitumpu't lima, nagsabing, "Ako'y tutungo't bababa roon upang magpabautismo muli." Dumating ba sila? Wala ni isa man sa kanila. Bakit? Binigyan Niya sila ng pagkakataon upang magsisi! At ihahagis Niya ang inyong mga anak sa kamatayan, espirituwal na kamatayan.

244 Kukunin natin iyan bukas ng gabi, sa kalooban ng Panginoon, o Sabado ng gabi, sa mga Salot na iyan na dumaan. Bantayan ninyo kung anong naganap doon.

245 Tulad ng ibinigay Niya sa Egipto, binigyan Niya ang Egipto ng panahon upang magsisi. At ano ang huling salot na iyan? Kamatayan nga.

246 Iyan ang huling salot na tumama sa iglesyang Pentekostal, espirituwal na kamatayan. Siya ay patay. Iya'y sa Pangalan ng Panginoon. Siya ay espiritual na patay. Binigyan Niya siya ng pagkakataon upang magsisi, at tinanggihan niya Ito. Ngayon siya ay patay. Hindi na siya magbabangon pang muli.

247 At silang mga tao sa labas doon, pinipilit na magpasok ng mga Episkopaliano at mga pari, at kung anu-ano pa, at tinatawag silang, "Banal na Ama *Ganoon-at-ganito*." Aba, dapat silang mahiya sa kanilang mga sarili. Nagiging gaano kabulag ang tao! Hindi ba't sabi ni Jesus? Nang ang mga natutulog na dalagang iya'y dumating upang bumili ng Langis, hindi niya nakuha Iyan!

248 Kayong lahat, naririnig ninyo ang mga tao na nagsasabing, "Nakuha ko na ang Espiritu Santo. Nagsalita ako sa iba't-ibang wika." Ngunit ayaw nilang pumunta sa iglesyang tulad nito. "Naku, alam n'yo, hindi ako naniniwalang gusto kong pumunta sa lugar na katulad niyan." At pagkatapos sasabihin na nakuha mo ang Espiritu Santo?

249 Ngunit gusto ninyo ang mga kapita-pitagan n'yong mga pamamaraan. Gusto ninyong manatili sa Babylonia at tamasahin parin ang mga biyaya ng Kalangitan. Kailangan n'yong gawin ang inyong pagpili. Hindi kayo maaring manatili roon sa mundo at paglingkuran ang Diyos sa parehong panahon. Sinabi ni Jesus na hindi mo maaring paglingkuran ang Diyos at ang kayamanan. Kaya kung hindi kayo aasa . . .

250 Kung ikaw talaga'y ligtas na, masasayahan ka sa mga pagtitipon kung saan pinapagtibay ng Banal na Espiritu ang Kaniyang Sarili at ipinapakita na ang Salita ng Diyos ay totoo.

251 Mayroong nagsabing, "Ang mga tao'y gumagawa ng masyadong ingay. Pinapaniyerbiyos ako niyan." Ninerbiyosin ka kapag ikaw ay napunta sa Langit. At iisipin mo lamang, kapag

lahat sila'y naroroon, kung gayo'y paano na ito? Oh, naku! Gaano ninanais ng Panginoon na makuha . . .

252 Siya ay banayad sa pagkagalit, tulad ng Siya noong mga araw ni Noe. Siya'y nagsikap ng husto. Siya'y nagtiis ng matagal, para sa sangdaan at dalawampung taon, upang pagsisihin sila. Hindi nila gustong gawin ito.

253 Sa mga araw ng Egipto, Siya'y nagpadala ng mga salot at lahat ng iba pang mga bagay. Ayaw nilang gawin ito.

Isinugo Niya si Juan. Ayaw nilang bumalik.

254 Isinugo Niya si Jesus, upang mamatay, upang iligtas ang buong grupo na dirinig sa Salita.

255 At ngayon, sa mga huling araw, nangako Siyang muli na Siya'y magsusugo ng isang Mensahe upang tawagin Siya palabas, at ipanumbalik ang orihinal na Pananampalataya pabalik Doon, pabalik sa Salita. At ayaw nilang tanggapin Ito. Sila ay masdayong mapagmataas, sa kanilang mga dogma at mga kredo, hanggang sa ayaw na nila Ito. Oh, iniisip nila na kung sila'y mayroong isang . . . kung ang isang Anghel ay bababa; ngunit hindi iyan ginagawa ng Diyos.

256 Siya'y kumuha ng isang bagay na ignorante at stupido, isang bagay na halos hindi alam ang inyong mga ABC o—o anumang bagay. At pagkatapos Kaniyang kinukuha ang ganiyang tipo ng isang tao, pagka't makakakuha Siya ng isang bagay na walang kabuluhan at pagkatapos ay kumilos sa pamamagitan nito. Habang iniisip ng isang bagay na sila'y may halaga, kung gayo'y wala silang magagawa tungkol dito. Ginagawa Niya iyan palagi. Kailangan mong maging walang halaga, upang maging isang taong may halaga sa Diyos. Oh, naku!

257 Pansinin, pa rin, "Binigyan Niya siya ng pagkakataon upang magsisi, ngunit hindi niya ginawa ito."

258 Ginawa Niya muli ito; ayaw niyang gawin ito. Ang kaniyang pagtanggi, isang paraan, ginawa siya . . . O, ang kaniyang pagtanggi ang gumawa ng perpektong daan para kay Satanas upang pumasok sa kaniya at magsakatawang tao. Iya'y tama. Isinakatawang tao ang kaniyang sarili mismo sa kaniya, dahil tinanggihan niya ang Salita. At iya'y ang eksaktong gayunding bagay na kinahinatnan ng iglesyang Protestante, isang patutot, ay dahil tinanggihan niya ang pinagtibay na Katotohanan ng Salita ng Diyos, at iyan ay nagbigay sa Diablo ng isang pagkakataon upang pumasok mismo at isakatawang-tao ang kaniyang sarili. At siya'y gagawa ng isang larawan ng hayop kapag sila'y pinagpisang magkasama, mismo roon ngayon, at magiging eksakto lamang kung anong Kaniyang sinabi. Iya'y tama. Amen.

259 Kung ako ay may pinag-aralan, mailalabas ko Ito. Wala akong pinag-aralan. Inaasahan ko lamang ang Banal na Espiritu

upang ihayag Ito sa inyo. At Kaniyang ihahayag, para doon sa mga . . . Iya'y tama. Gagawin Niya ito. Oo. Pansinin.

260 Tingnan kung paano, anong ginawa niya rito. Tinanggihan niya ang Mensahe ng Diyos para sa kaniya upang magsisi. Siya ay nagpasimulang lumihis, isang anti-cristo, at iyan nga siya noon. Siya'y dumating, isang bulaang propeta, isang nagkatawang taong Diablo, at, nang kaniyang ginawa, ng kaniyang bulaang katuruan. Pagkatapos, sa lahat niyon, binigyan siya ng Diyos ng pagkakataon upang magsisi, sinikap na kunin siya.

261 Nakita ninyo kung gaano kabanayad sa pagkagalit? Anong kamangha-manghang pag-ibig! Walang pag-ibig na katulad niyan! Tingnan ang mga iyan, maging ang dumura na iyan sa Kaniyang mukha at mga bagay, pinatawad Niya sila. Iyan ang Diyos, kita n'yo. Huwag . . .

262 Tinanggihan ang Mensahe ng Diyos! Tingnan, siya ay hiniling na magsisi, bumalik kung saan siya nahulog.

263 At mula saan siya nahulog? Sa Salita. Tama. Mula saan nahulog si Eva? [Kongregasyon nagsabi ng, "Sa Salita."—Pat.] Salita! Mula saan nahulog ang mga denominasyon? ["Sa Salita."] Hayan ka na. Kita n'yo? Wala ng ibang daan. Tanging, sa lahat ng oras, bumabalik mismo agad sa Salita, agad mismo pabalik sa Salita. Kita n'yo? At sila'y napunta sa loob ng isang sistema na itinatakbo silang palayo mula sa Salita, inilalayo sila mula sa Salita sa halip na patungo sa Salita. Pansinin.

264 Tingnan, siya ay binigyan ng isang pagkakataon upang magsisi, bumalik. Ang *Magsisi* ay nangangahulugang upang "magbalik, bumaling, harap-sa-kabila." *Magsisi*, "magbalik." At siya ay binigyan ng isang pagkakataon upang bumalik kung saan iyan . . .

265 Ngayon tandaan, siya ang orihinal, pentekostal na Iglesya na pinagbuhusan ng Espiritu Santo, sa Araw ng Pentekostes. Ilang mga mag-aaral ng Biblia ang nakakaalam niyan? Tiyak na, siya nga. Nakita n'yo kung saan siya nanggaling? Siya'y nahulog mula sa Salita, at tumanggap ng mga dogma. Siya'y umaasa . . . Sa halip na sa Espiritu Santo, nagnais siya ng isang banal na tao, "Doktor LL., Ph., Q.U." at pagkatapos ay ginawa siyang isang papa. Kita n'yo? Tiyak. Ngunit, siya, iyan ang kaniyang gusto, isang tao upang gawin ang kaniyang pananalangin. Isang tao . . . Ibabayad lamang niya ang kaniyang salapi, at iyan lang lahat ang dapat niyang gawin. Kita n'yo?

266 Ngayon, ito'y ang gayunding bagay ngayon. Hangga't sila ay may isang bangko na uupuan, magbayad ng malaki sa platong lalagyan ng koleksiyon, sapat na iyan. Sila'y isang miyembro ng iglesyang iyan. Huwag mo silang sasabihan pa ng iba pang tungkol Dito; hindi nila gustong malaman. Iyan ang kaniyang mga anak na babae.

267 Ngayon, mula saan siya nahulog? Mula sa orihinal na Salita ng apostolikong mga apostol at mga propeta. Diyan ay kung saan siya nahulog. Diya'y kung saan nahulog ang mga Protestante.

268 Magsisi! Magbalik! Bumaling na bago maging huli ang lahat. Hindi pa naman talagang huli. Isa sa mga araw na ito iiwan ng Corderong iyan ang Kaniyang dako, at pagkatapos tapos nang lahat ito. Gayon din ang kaniyang mga anak na babae ay hinihilingan ngayon, bago tuluyang mahatulang kasama niya, upang "manumbalik."

269 Ngayon, ang huling Mensahe na kanilang makukuha, ay kapag ang propetang ito na ipinapangusap ko. Na, ako ay bumasa na nang maraming mga aklat tungkol dito. At alam kong iyan ay tunay, mabuti, makatuwiran, may espirituwal na pag-iisip na mga taong may nalalaman na iya'y darating. Alam nila iyan. Alam nilang ito'y darating, kita n'yo. Sila. . . Ngunit ang problema nito, ay, paulit-ulit nilang sinasabing, "Kailangan natin ito. Ito'y magaganap." At kapag Ito'y dumating, na sila'y magiging napaka-mapagpakumbaba; malamang di nila makikita Ito tulad na lamang ng kanilang nagawa noong unang pagkakataon. Iya'y tama. Ang mga tao ay susulat tungkol Dito, at lahat ng bagay, sasabihing, "Aba, oo, ito'y kailangang maganap." At pagkatapos hayaang Ito'y maipakita mismo sa harapan nila, at sila'y magpapatuloy lamang, kita n'yo. Kaya, lagi nilang nagagawa iyan.

270 Pagmasdan ngayon, ang orihinal na Salita. Sila'y re. . . sila. . . Kailangan niyang magsisi, manumbalik, gayunman, kaya ang kaniyang mga anak na babae ay hinilingan. Upang mapuwersa. . . sila'y mahahatulan, at maitatapon patungo sa gayun ding higaan at mapapatay na kasama niya. Sila'y hiniling na manumbalik sa orihinal na Salita, magbalik sa apostolikong Doktrina. Datapuwa't, sila'y masyadong natali sa kanilang mga kredo at mga bagay, ayaw nilang gawin ito. Gumagawa lamang sila ng pangungutya hinggil Dito.

271 Pagkatapos anong ginagawa nila? Sa wakas sila'y nabuo patungo sa wangis ng hayop, panibagong kapangyarihan; pansinin, at kumilos, sa Nobya ng Cordero, tulad ng kaniyang ginawa sa Apocalipsis 13:14. Iyan ang kanilang ginagawa, nang-uusig lamang, parehong bagay lamang. Ang mga iglesya ay gumagawa lamang ng gayunding pagkutya sa totoong Nobya ni Cristo, tulad ng ginawa ng Roma. Sadyang tamang-tama. Opo, ginoo. Kumikilos sa—sa tunay na Nobya ng Cordero ng eksakto tulad ng kaniyang ginawa sa Apocalipsis 13:14.

272 Ngayon pansinin. Nakita natin, sa pamamagitan ng Salita na pangako ng Diyos, Kaniyang—Kaniyang papatayin ang kaniyang mga anak, ang mga denominasyon, ang kaniyang mga anak na babae, ng espirituwal na kamatayan. Ngayon, iya'y Apocalipsis 2:22. Huwag kalilimutan iyan. Ang kumitil, ay

upang magdala sa pagkamatay. At ang *kamatayan* ay "Walang Hanggang pagkakahiwalay mula sa Presensiya ng Diyos." Pag-isipan iyan, mga kaibigan. Isipin iyan. Huwag kayong manalig sa anumang gawang-taong mga kredo. Anumang bagay na salungat sa Salita, manatili kayong malayo mula riyan.

273 Ngayon pagmasdan, pagmasdan dito sa Biblia. Sinabi nito na ang kaniyang pangalan ay Impiyerno, at. . . ang ibig kong sabihin:

> . . . ang kaniyang pangalan *ay Kamatayan, at ang sheol ay sumusunod sa kaniya.*

274 Ngayon, ang impiyerno ay palaging sumusunod sa kamatayan, sa natural. Kapag ang natural na tao ay namatay, ang sheol ay sumusunod sa kaniya; iyan ay ang libingan, hades, kita n'yo, iya'y sa natural. Ngunit sa espirituwal, iya'y ang Dagat-dagatang Apoy, kita n'yo, tama, patungo sa Walang Hanggang pagkakahiwalay, kung saan sila'y nasunog.

275 At—at sabi ng Malakias 4, "Hindi mag-iiwan sa kanila ng kahit dayami, o sanga, o anumang iba pa." Iyan ang paraan na mayroon ang mundo sa pagdadalisay ng kanilang sarili muli, para sa Milenyum. Kita n'yo?

276 Napansin n'yo ba, ang mangangabayo ay isang "lalaki"? [panghalip na panlalaki sa Ingles, "he"—Salin.] At "siya" ay mayroon sa "kaniyang" kamay; isang "lalaki," bulaang propeta. Ngunit ang kaniyang nobya ay tinawag na iglesya, "siya," si Jezebel. Ahab; Jezebel. Aba, ito'y walang kamali-maling tulad ng anumang bagay. Kita n'yo? Kita n'yo?

277 *Mga anak na babae* ay "*siya*," [panghalip na pambabae sa Ingles, "she"—Salin.] gayun din, ngunit hindi kailanman nakatanggap ng pangunguna ng isang lalaki; mga Protestante, roon, ngunit nanatili pa ring patutot sa prinsipyo, ng kanilang doktrina, denominasyon, mga sistema. Iya'y sadyang . . . iyan ang sinasabi nito.

278 Pansinin. Sa ano pupunta ang lahat ng ito? Ngayon, tayo ay mayroon na lamang labingdalawa, labing-apat na minuto rito, palagay ko. Tingnan kung saan pupunta ang lahat ng ito. Ano ito? Ito'y babalik mismo sa paraang ito'y naganap, at nagpasimula sa Kalangitan. Ito'y darating sa huling kapanahunang paglalaban.

279 Ang unang bagay, sa Kalangitan, ay isang paglalaban. Si Lucifer ay pinalayas, at dumating sa lupa. Pagkatapos kaniyang dinungisan ang Eden; pagkatapos patuloy siyang nangdudumi mula noon. At ngayon, mula sa labanan sa Kalangitan, ito'y darating sa paglalabanan sa lupa; at ito'y magtatapos sa, sa lupa, sa huling panahon, sa isang paglalabang tinatawag na Armageddon. Ngayon, nalalaman iyan ng sinuman. Ang paglalaban ay nagpasimula sa Kalangitan, banal, at kaya pinalayas nila siya palabas. Nilupig siya ni Miquel at ng

Kaniyang mga Anghel, nilupig nga siya, at itinaboy. At nang magawa nila, inihulog diretso pababa sa Eden, at dito pinasimulan ang labanan dito sa ibaba. Nagtagpo. . .

280 Pinagtibay ng Diyos ang Kaniyang mga anak sa pamamagitan ng Kaniyang Salita. At isinuong ni Eva sa panganib ang kaniyang buhay palabas, sabi, "Ako'y naniniwalang ikaw ay tama, marahil." At doon iyan ay nagsimula. At iyan ay naging ganoon, mula noon. Pagkatapos ang Diyos ay bumaba, at ngayon kailangan Niyang. . . Siya'y bumaba upang tubusin sila na bababa.

281 Tulad ng sinabi ko, ang Diyos ay parang isang malaking kontratista. Inilalagay Niya lahat ng Kaniyang materyales sa daigdig, at pagkatapos Kaniyang itinayo ang Kaniyang mga gusali. Ngayon tandaan, bago nagkaroon ng isang butil ng—ng binhi sa lupa, bago nagkaroon ng isang araw na tumama sa lupa, ang inyong katawan ay nakahimlay na sa lupa, pagka't kayo'y ang alabok ng lupa. Kita n'yo? Kayo nga. Ang Diyos ang kontratista.

282 Ngayon, ang paraan na gagawin Niya ito, ay umabot sa baba at kumuha (tulad na ginawa Niya kay Adam) ng kaunting tumpok ng calsium, potasium, at cosmic na liwanag, at, "Whew!" Sabihing, "Naroon ang isa Ko pang anak." Kita n'yo? Pagkatapos Siya'y magdadala ng ilan pa, at "Whew!" "Naroon ang panibagong isa."

283 Ngunit anong ginawa ni Eva? Siya'y napasama sa gayong paraan. At dinala niya ito sa pamamagitan ng isang pagniniig na gawa, pagkatapos tinamaan ito ng kamatayan.

284 Ngayon ano ang ginagawa ng Diyos? Mayroon Siyang napakarami ng mga binhing iyon sa dako hanggang wakas doon, na itinalaga; napakarami, ang itinalaga. At pagkatapos, sa huling kapanahunan, hindi Niya sasabihing, "Eva, halika't magsilang ng panibagong anak." Siya ay ("Whew!") tatawag, at ako'y sasagot. Iyan lang lahat. Iyan na. Iyan ang ideya. Kapag iyang pinakahuli ay naipasok, iyan na ang nag-ayos nito.

285 Ngayon, ang paglalaban ay nagpasimula sa Kalangitan. Ito'y magtatapos sa lupa, sa pormang Armageddon.

286 Ngayon pagmasdan natin at tingnan itong mahayag. At marahil maihahayag natin ito. Tulungan tayo ng Panginoon ngayon upang gawin ito ngayon. Pagmasdan itong mahayag.

287 Ang mahiwagang mangangabayo, pagmasdan kung anong ginagawa niya ngayon; "sumalungat," tumangging magsisi at manumbalik sa orihinal na Dugong Salita. Ang Salita ay naging Dugo at laman. Kita n'yo? Tumanggi siyang bumalik Doon. Ang anti-cristo! Ang totoong Nobyang Salita, ay sal. . . siya ay salungat sa totoong Nobyang Salita. Kumukuha ng kaniyang sariling nobya! Sinasalungat niya itong tunay na Nobya, din. At kumukuha siya ng sarili niyang nobya, at dinala siya sa

kaniya, sa isang anyo ng relihiyon na tinatawag na mga kredo at mga dogma. Kita n'yo? At ngayon, nakikita ang banal na Nobya, siya ay laban sa Kaniya. Ngunit kaniyang binubuo ang sarili niyang nobya, tinatawag na anti-cristo, sa pamamagitan ng anti-cristong katuruan, na salungat kay Cristo. Nakita n'yo kung gaano siya katuso? At ngayon, sa halip na magkaroon ng pagkakaisa ng pag-ibig, na kumokontrol, pagsamba sa ilalim ng Dugo, siya ay mayroong isang denominasyon. Sa halip na kunin ang Salita, kinuha niya ang mga kredo, mga dogma, at kung anu-ano pa.

288 Tulad, at sinasabi ng mga Protestante, "Ang Kredo ng mga Apostol." Gusto kong maghanap kayo ng isang salita niyan sa Biblia. Apostol, walang Kredo ng mga Apostol sa Biblia.

289 Tulad ng sinabi ko rito, ngayon, hindi pa katagalan ang nakalilipas, o kung saan. Kung ang mga apostol ay may isang kredo, ito'y Mga Gawa 2:38. Sadyang tamang-tamang alam ko na nagkaroon siya. Iyan ang sinasabi nila na gawin ng lahat. Kapag may natatagpuan siyang isa sa kanila na mukhang sila'y mga Cristiano, sinasabi niyang, "Natanggap mo na ba ang Espiritu Santo simula ng ika'y manampalataya?"

Sabi, "Hindi namin alam kung magkakaroon nga . . . "

Sabi, "Kung gayon paano kayo nabautismuhan?"

290 Ngayon, ang pagiging bautismado sa Pangalan ni Jesus, o sa Pangalan ng ating Panginoong Jesus Cristo, alin man, iyan, iya'y mabuti, ngunit hindi pa iyan ang lahat niyan. Hindi, ginoo. Maari kang mabautismuhan ng limampung beses, tulad niyon, at hindi gagawa ng kahit kaunting kabutihan hanggang ang pusong iya'y mabago ng Banal na Espiritu. Lahat ito'y kailangang magkalakip-lakip. Pansinin, ito'y—ito'y si Cristo!

291 Ang anti-cristo ay tumatanggi sa Doktrina ng totoong Nobya, at sa gayong dahilan siya'y kumukuha ng sarili niyang nobya ngayon at itinatayo siya, sa ilalim ng isang kredo ng kaniyang sarili. Kumuha ng sarili niyang nobya at ginagawa siyang isang denominasyon! Siya'y nagsisilang ng iba pang mga denominasyon, tulad ng nabanggit sa Banal na mga Kasulatang ito; nagsisilang ng mga anak na babae. At siya ay hindi . . . Siya'y sadyang naging katulad ng kaniyang ina, natural, makamundo, maka-denominasyon; kinakalaban ang espirituwal na Nobya, ang Salita.

292 Hindi nila sinasabing hindi sila kabilang sa iglesya. Makipag-usap ka sa isang maka-denominasyon na tao. "Sigurado, ako'y kabilang sa iglesya." Ikaw ba ay isang Cristiano? "Ako'y nabibilang sa iglesya!" Iyan ay walang kinalaman ni isang bagay Dito! Sinasabi nilang . . . Ikaw ay hindi nabibilang sa Igle- . . . Ikaw, ikaw ay maaring kabilang sa isang tinatawag na isang iglesya, kita n'yo, kabilang sa isang iglesya. Iyan ay hindi isang Iglesya. Sila ay hindi mga Iglesya. Sila ay

mga tirahan kung saan ang mga tao'y nagsasama-sama, at mga taong tulad ng, "mga ibong may magka-parehong balahibo."

293 Ngunit kayo'y isang Iglesya lamang, at iyan ang mahiwagang Katawan ni Cristo. At hindi ninyo sinalihan Iyan. Ipinanganak kayo diyan.

294 Tulad ng sinasabi ko palagi, ako ay nasa pamilya ng Branham sa limampu't tatlong taon na, at hindi kailan man sumali rito. Ako ay ipinanganak rito. Kita n'yo?

295 Ngayon pansinin. Ito'y sadyang naitipo ng maganda. Ako—ako ay may isang . . . ang Kasulatan na isinulat dito, ngunit Ako . . . wala na tayong oras para kunin iyan; kay Esau at Jacob.

296 Ngayon, si Esau ay isang relihiyosong tao. Hindi siya nag-aangkin bilang isang di-mananampalataya. Siya ay nananampalataya sa gayunding Diyos na pinananampalatayanan ni Jacob, gayunding Diyos na pinananampalatayanan ng kaniyang ama. Ngunit siya ay sadyang isang taong mandaraya, o ipagpaumanhin ang pananalita, sadyang . . . Siya ay walang buti. Siya—Siya ay, ngayon, kung moral ang pag-uusapan, siya ay totoong isang—isang lalaking may mas magandang moral-sa-pagkilos kaysa kay Jacob. Ngunit, nakita ninyo, hindi niya iniisip . . . "Aba, anong kinalaman ng pagkapanganay na iyan Dito?" At ipinagbili niya ang kaniyang pagkapanganay kay Jacob. Kita n'yo?

297 Ngunit, si Jacob, wala siyang malalaking mga bagay, at tulad ng mayroon si Esau. Wala siya ng manna na mayroon siya. Ngunit mayroong isang bagay na nais ni Jacob, iyan ay pagkapanganay. Wala siyang paki-alam kung paano niya iyan makukuha; basta't kukunin niya iyan. At ang Diyos ay may paggalang sa kaniya.

298 At, sa gayon, iyan ay katulad na bagay sa ngayon, sa natural na tao, karnal na pag-iisip, makamundong pag-iisip. "Buweno, ako ay nabibilang sa iglesya ng bayan. Ako ay kabilang sa iglesyang *ito*. Ako ay kabilang *doon*." Iyan ay wala ni isang bagay na kinalaman Dito, wala ni isang bagay.

299 Pagmasdan, pinagtipon sila ngayon sa kaniyang kabayong pinaghalu-halo ang kulay. Tinitipon niya sila ng sama-sama, sa kaniyang kabayong pinaghalu-halo ang kulay, pagka't mayroong siyang pulitikal na kapangyarihan.

300 Hindi kayo naniniwalang mayroon siya? Paanong nakapasok ang Presidenteng ito ngayon? Paano nga iyan nakalusot? Uh-huh! Pumunta rito para sa kalayaan ng relihiyon; at kayong mga pangkat ng mga demokratiko na nagbebenta ng inyong mga pagkapanganay sa pulitika! Ako ay walang . . . ang Demokratikong partido ay mabuti; pareho silang bulok. Ako'y nangungusap tungkol sa Cristianismo. Ngunit ipinagbili ninyo

ang inyong mga pagkapanganay, sa isang demokratikong tiket, upang magpasok ng isang bagay na tulad niyan. Mahiya kayo!

301 Hindi n'yo ba napapagtanto na ang bansang ito, eksakto, ay nasa halintulad ng Israel? Anong ginawa ng Israel? Siya ay nagpunta sa isang di-kilalang lupain, at kinuha ang mga naninirahan palabas at pinagpapatay sila, at pumasok at inari ang lupain. Iyan ang ginawa natin; ang mga Indiyan. Iyan lamang ang tanging totoong Amerikano na mayroon, ay ang ating mga kaibigang Indiyan.

302 At pagkatapos anong kanilang ginawa? Ang Israel ay may ilang mga dakilang tao. Ang unang bagay alam n'yo. . . Nagkaroon sila ng David, at nagkaroon sila ng Solomon. Sila ay nagkaroon ng mga dakilang tao. At sa huli sila ay nagkaroon ng isang taksil doon, si Ahab, na nagpakasal sa isang Jezebel, isang di-mananampalataya.

303 Buweno, iya'y gayunding bagay na ginawa natin. Tayo'y nagkaroon ng isang Washington at isang Lincoln, ngunit tingnan kung anong mayroon tayo ngayon. At ang matindi pa nito, ay, siya ay kasal, at babad at hindi makaalpas kay Jezebel. Maaring siya ay isang talagang mabuting tipo ng isang lalaki, ngunit siya ang magpapatakbo ng negosyo. At nakita n'yo iyan mismo ngayon, ang buong pamilya ay papasok na.

304 Ano ang sinabi sa akin ng Banal na Espiritu, mga tatlumpu't-limang taon na ang nakararaan? At lahat kayo na mga matatagal na ay nalalaman iyan, ang pitong mga bagay na magaganap bago ang katapusan. At ito ang huli, ang kasunod sa huling bagay, dumarating. Lahat ng bagay ay tumama ng eksakto sa tuldok, sa mga digmaan at lahat ng iba pang bagay. Kita n'yo? At ngayon siya ay nasa mga kamay mismo, isang babae, upang pagharian ang bansa. Jezebel! Kita n'yo?

305 Ngunit, tandaan, sa mga araw ni Jezebel, mayroong talagang nagsabi sa kanila ng kanilang mga kulay. Kita n'yo?

306 Ang pagtitipon, sa kanilang kabayong pinaghalu-halong kulay. At, kita n'yo, tinitipon niya ang bagay na ito na sama-sama, pinaghalu-halo sa mga kredo, denominasyon, mga doktrinang gawa ng tao. Tama ba iyan? [Kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sigurado, isang pinaghalu-halong kulay, ang pinaghalu-halong kulay ng patay, maputlang kabayo ng mundo! Ngayon, iya'y tama. Pinaghalu-halong mga kulay ng patay, makamundong anyo ng maputlang kabayo, ay, naku, walang banal na Dugo ng Salita, sa anomang paraan!

307 At pagmasdan. Mula sa sulok . . . "Mula sa apat na sulok ng lupa, tinipon nila sila; tinitipon sila sa Armageddon," ang sabi ng Biblia. Sinisikap kong isipin ang mga Kasulatan, dahil isinulat ko ang mga iyon dito. Hindi ko na sila babanggitin; kundi kung saan lang sila nasusulat, tingnan kung ano sila. "Pinagtipon-tipon silang sama-sama, sa dakilang araw ng pakikibaka ng

Panginoong Diyos." Pagmasdan. Ngayon, sa pinaghalu-halong kulay na ito, makamundo, maputla, maysakit na kabayo, isipin lamang iyan; alam n'yo, iya'y isang masamang bagay. Ngayon pagmasdan kung saan niya sila tinipon, "Mula sa apat na sulok ng lupa." Sila ay nagtitipon-tipon ngayon para sa sapilitang paghahayag ng mga bagay-bagay. Ang sapilitang paghahayag ng mga bagay-bagay ay magiging sa "Armageddon," sang-ayon sa Salita. Kita n'yo?

308 Sa maputlang kabayo, nakasakay roon, na may isang "Kamatayang" nakakabit...na may pangalang nakakabit sa kaniya, "Kamatayan," ang anti-cristo! Pakinggan. Anti-cristo, unang denominasyon (na hindi matututulan); kasama ang kaniyang Jezebel, isang prostityut sa Salita; kasama ang kaniyang mga anak na babae, sa kaniya, mga Protestante; pinagtitipon-tipong sama-sama ang kanilang mga sarili ngayon sa pagkakaisa!

309 Narinig n'yo ba ang mga Baptist na tao ay nangusap noong isang araw banda rito, alam n'yo? Huh? "Oh, hindi tayo sasali sa kanila, ngunit tayo'y—tayo'y magiging palakaibigan at tipong makikibagay sa kanila. Hindi natin kailangang sumali sa kanilang iglesya, ngunit . . . " Hayan ka na. Hayan ka na, sadyang tamang-tama kung anong sinabi ng Salita. Kita n'yo? Kita n'yo? Matandang patutot, sa unang pagkakataon, kita n'yo.

310 Ngayon heto na sila, pinagsasama-sama ang kanilang mga sarili, patungo sa sapilitang paghahayag ng mga bagay-bagay na iyan, sa Armageddon, at nakasakay sa isang kabayong pinaghalu-halong kulay; na may isang kabayong maputi, isang kabayong pula, isang kabayong itim. Ang tatlo, iba't-iba: pulitikal—pulitikal na kapangyarihan, espirituwal na kapangyarihan, kontrolado ng kapangyarihang demonyo, na siyang ang anti-cristo. Pinagsasama-sama iyang lahat, at mayroon kang isang maputla, mukhang masasakiting bagay na kaniyang sinasakyan. Tama. Ngayon pansinin. Tingnan kung anong sinasakyan niya, itong maputlang-tingnan, kulay abuhin na kabayo, hinaluan ng itim, pula, at puti; darating sa laban, tinitipon ang kaniyang mga tagasunod mula sa bawat bansa sa ilalim ng Kalangitan! Hindi ba't ipinaliwanag ni Daniel ang panaginip, at nakita ang bahid ng bakal na iya'y tumuloy sa bawat kaharian, ng Roma? Heto sila dumarating, nagtitipon-tipon.

Ngayon maupo ng maayos para sa pagtatapos, sandali lamang, at makinig ng mabuti.

311 Sila'y nagtitipon-tipon na ngayon upang gawin iyan, dinadala ang kaniyang mga tagasunod mula sa apat na sulok ng daigdig; sumasakay sa isang maputla, masakitin, may tatlong-kulay, pinaghalu-halong kabayo. Iisang tao!

312 Ngayon, sa Apocalipsis 19, hindi lamang siya naghahanda, ngunit si Cristo ay naghahanda upang salubungin siya. Ang labanan ay magiging mainit at mabigat. Si Cristo, sa Apocalipsis 19. Tinipon ni Cristo ang Kaniya, hindi mula sa apat na sulok ng daigdig, sapagka't magkakaroon lamang ng kaunting napakaliit na natira. Ano ang ginagawa Niya? Tinitipon Niya sila mula sa apat na sulok ng Kalangitan. Tatalakayin natin sila, "mga kaluluwa sa ilalim ng dambana," bukas ng gabi, at makikita ninyo kung iya'y tama, o hindi. Apat na sulok ng Kalangitan; sa isang mala-niyebeng-puting kabayo!

313 Siya rin ay may isang Pangalan, hindi kamatayan, kundi, "Ang Salita ng Diyos," Buhay. Amen. Isinulat ng Diyos mismo sa Kaniyang hita rito, "Ang Salita ng Diyos." Iyan lamang ang tanging Buhay, sapagka't ang Diyos lamang ang tanging pinanggagalingan ng Buhay na Walang Hanggang na mayroon. Zoe! Tama ba iyan? [Kongregasyon, "Amen."—Pat.]

314 At Siya ay may nakasulat, "Buhay," nakasakay sa isang maputing kabayo; at narito ang isang tao na may tatlong magkakaibang-uri ng mga kapangyarihang pinaghalu-halo, tinawag na "Kamatayan." Tinitipon ang kaniyang makamundong mga delegasyon; at tinitipon ni Cristo ang Kaniyang mga tagasunod na isinilang sa Kalangitan, mga banal. Mayroon siyang "Kamatayan" na nakasulat sa kaniya; si Cristo ay may "Buhay" na nakasulat sa Kaniya.

315 Yaong mga kasama Niya ay nasa mga mapuputing kabayo, rin, at sila ay tinawag na, "Ang mga pinili bago itatag ang sanlibutan." Amen! At sila ay mga tapat sa Salita. Amen! Whew! Gusto ko ang isang iyan. "Tinawag na, pinili, bago itatag ang sanlibutan." At pagkatapos, tapat sa Salita, sa kanilang pagpili, lahat ay pinasigla sa pamamagitan ng bagong alak at Langis, sadyang tumatakbo mismo sa tabi, bumababa upang salubungin siya. Alam nilang ang mga Kulog ang magpapaliwanag ng bagay para sa atin, malapit na malapit na. Kita n'yo?

316 Pagmasdan. Paano niya ginawa? Kaya, kung Siya ang Salita, at ang Kaniyang Pangalan ay ang Salita, kung gayon ang Salita ay Buhay. Ang anti-cristo; anumang bagay na *anti* ay "laban," kaya ang *anti* ay "laban" sa Cristo, ang Salita. Kaya, kailangan itong maging isang kredo, o isang denominasyon, na laban sa Salita.

317 Aba, hindi ko makita kung paano ninyong hindi makikita ito. Kung kayo—nauunawaan ninyo iyan, paano n'yo ito di makikita? Hindi ko alam kung paano ninyo gagawin.

318 At iya'y totoo. Ang *Anti* ay "laban." Hindi ba iya'y tama? "Ilayo mula sa." Iyan nga kung ano siya. Kaniyang sinasakyan ang kaniyang pinaghalu-halong kabayo. Nakita natin iyan mismo rito sa Salita ng Diyos.

319 Nakita natin iyan mismo roon sa mga kapanahunan ng pitong iglesya. Heto ibinabalik Niya iyan agad sa mga Tatak, binuksan at ipinapakita nila ang mga bagay na naganap, sa ilalim ng mga kapanahunan ng iglesya.

320 Ang *Anti* ay "laban" sa Salita. Nakita n'yo kung bakit, ang mga kredo, bakit tayo'y laban na laban sa mga kredo at mga denominasyon? Sapagka't sila'y laban sa Salita. Kita n'yo?

321 Dito'y nakita natin ang Buhay at kamataya'y darating sa kahuli-hulihang pagtutuos. Ang maputing kabayo, ng tunay na Buhay; ang maputlang kabayo, ng pinaghalu-halong mga kredo. Nakita nila ang bagay na darating sa—sa tunay na sapilitang paghahayag ng mga bagay-bagay.

322 Ngayon may nais akong sabihin dito. Maaring hindi ninyo ito paniwalaan. Ngunit tiningnan kong mabuti ito, upang maging sigurado. Mayroon lamang isang orihinal na kulay, at iya'y puti. Ilan ang nakakaalam niyan? Mayroon lamang isang orihinal na kulay. Anumang iba pa, ay pinaghalu-halo.

323 Si Cristo ay nasa isang purong-puti, dalisay na Salita, mula sa pasimula. Amen! Amen! Bawat kulay ay magiging puti kung hindi nakialam ang kimika rito. Amen! Kaluwalhatian! Bawat iglesya ay tatayo sa apostolikong Doktrina ng Salita ng Diyos, at pagtitibayin Iyan ng Diyos, kung wala siyang mga kredo o mga denominasyon na inihalo Rito. Hayan ka na.

Oh, Kapatid na lalaking Evans, napaka—inam ng pakiramdam ko ngayon! Opo, ginoo. Opo, ginoo.

324 Isa lamang orihinal na kulay, iya'y puti. Hindi iyan—hindi ito kailanman nakihalo sa mga denominasyon at mga kredo. Hindi, ginoo.

325 At, tandaan, ang Kaniyang mga banal ay nararamtan ng mapuputing kasuotan, hindi hinaluan ng denominasyon at mga kredo. Ngayon natuklasan natin, ang mga kredong denominasyon, dito ay kung saan ninyo nakuha ang inyong pinaghalu-halong kulay. Ngunit ito ang orihinal na kulay na Kaniyang sinasakyan. Ang orihinal na kulay ay nasa Kaniyang bayan. At sila ay naitubog na sa Dugo, na siyang naglinis sa kasuotang iyan, at ibinalik iyan sa dati roon. Kita n'yo? Iya'y tama.

Yaong mga pinaghalu-halo, ay naging maputla at tumungo sa kamatayan.

326 Ito'y isang pagpilipit, isang paglilihis, upang maghalo ng mga kulay sa maputi; inililihis ninyo ang orihinal na kulay. Tama ba iyan? Kung ang orihinal na kulay, tanging kulay, ay maputi, at ihahalo n'yo ang isang bagay roon, inililihis ninyo ang tunay na layunin nito. Amen. Tama ba iyan?

327 At, kapag, kung Siya ang maputing kabayo, at Siya ang Salita; kung gayon, ang maghalo ng anumang bagay Riyan,

anumang uri ng isang kredo, magdagdag ng isang salita Riyan, mag-alis ng isang Salita mula Riyan, ay upang pilipitin ang buong bagay. Oh, naku! Panatilihin Mo ako sa Salita, Panginoon!

328 Katotohanan at kamalian! Oh, naku! Kahit gaano pa kabuti na ito'y. . .Ang Katotohanan at kamalian ay di maaaring maghalo. Hindi maaring maghalo. Iyan ay alin sa dalawa sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON o ito'y mali. Kahit ano pa ang sinabi ng banal na ama, si San Bonifer, o—o ang arsobispo ng Canterbury; Hindi ko alam kung sinong nagsabi niyan. Kung ito'y salungat sa Salita, ito'y paglilihis. Hindi iyan hahalo. Sabihing, "Bakit, ang taong ito ay nakagawa. . ." Bale wala sa akin kung anong nagawa niya, kahit gaano siya kabanal, o anumang bagay na tulad niyan. *Ito* ang tanging tuwirang Katotohanan na mayroon tayo. Walang iglesya, walang kredo, walang Katotohanan, kung iya'y labas *Dito*.

329 At ipakita mo ang isa na mayroon Niyan. Sadyang, gusto kong sabihin ninyo sa akin. Magbubukas ako ng isang pahina sa Biblia, at ipakita sa inyo ang isang bagay. Kita n'yo? Sadyang tawagin lamang ang isa. Sasabihin ninyong, "Pentekostal." Oh, naku! Nasalo ko lamang ang kaisipang iyan mula sa isang tao roon. Iyan ang dahilan kung bakit sinabi ko iyan. Mas mabuting iwan iyan, mismo ngayon, pagka't nakita ko na iya'y nagpasimula ng isang maasim na dako mismo roon. Hindi ko—hindi ko nais na saktan kayo, ngunit ako—nais ko lang na malaman n'yo na alam ko kung tungkol saan ang inyong iniisip. Kita n'yo?

330 Yaong mga nagsipag-halo, ay napunta (ang anti) sa kamatayan. Sila'y nagiging kulay kamatayan, kapag ikaw ay naghalo ng anumang uri ng anumang bagay sa orihinal.

331 Iyan ay tulad sa sinabi ni Cristo tungkol sa binhi ng mustasa. Gayunman, iyan ang pinakamaliit na binhi sa lahat ng mga binhi, ngunit ito'y hindi hahalo sa anuman. Ang mustasa ay hindi hahalo. Siya'y tunay na mustasa. Kaya kung ikaw ay mayroong ganiyan kalaking pananampalataya, manghawakan lamang diyan.

332 Pansinin. Ang Buhay ay sumunod, ang nakasakay sa maputing kabayo, na Siyang Salita, Buhay, pinagtibay sa pamamagitan ng Kaniyang nangabuhay na maguling mga banal na kasama Niya sa Kaniya. Ngayon paano darating ang paglalaban?

333 Sabi ni Jesus, "Siya na manampalataya sa Akin, bagaman siya'y mamatay, gayunma'y siya ay mabubuhay." Sabi Niya, "Kung kayo ay sumasampalataya sa Akin, bagaman kayo—kayo'y mamatay, gayunma'y kayo'y mabubuhay. At sinumang nabubuhay at nananampalataya sa Akin ay hindi mamamatay." Muli, sabi Niya, "Siya na sumasampalataya sa Akin. . .Bibigyan

Niya siya ng Buhay na Walang Hanggan, ibabangon siya sa mga huling araw." Iyan ang ipinangako Niyang Kasulatan.

334 Heto dumarating si Satanas, kasama ang lahat sa apat na sulok ng daigdig, kasama ang kaniyang mga Protestante at kasama ang kaniyang—kaniyang mga Katoliko, at lahat sama-sama, nagmamartsa patungo sa Labanan ng Armageddon. Tama.

335 At narito dumarating si Jesus, bumababa mula sa Kalangitan, kasama ang nangabuhay na mag-uling mga banal, pinagtibay na Salita.

336 Ang sabi ko, kung ang Diyos ay mangungusap, o isusugo ka, Siya'y. . .Kaniyang—susuportahan Niya ang iyong sinasabi. Kita n'yo? Pansinin, kung ikaw ay isang embahador mula sa Langit, ang buong Kalangitan ay nasa likuran mo. At ang Kalangitan ay nakabatay sa Salita. Uh-huh.

337 Pansinin, ngayon, Siya'y dumating kasama ang nangabuhay na maguling mga banal, pinagtitibay na ang Kaniyang Salita ay totoo.

338 Kaya alam ni Satanas, kung gayon, ang walang hanggang kalaliman na mga balon ay nakahanda para sa kaniya. Kita n'yo? Oh, naku! Habang, ang kamatayan ay sumasakay sa maputlang—kabayo, pinaghalu-halong kredo at mga denominasyon, at sinusundan siya, oh, naku, patungo sa Walang Hanggang pagkakahiwalay mula sa Diyos. Doon ay kung saan niya sila inihahatid, patungo sa Walang Hanggang pagkakahiwalay.

Inihahatid ni Cristo ang Kaniyang Iglesya mismo tungo sa Kaluwalhatian, sa pagkabuhay na mag-uli.

339 Pansinin ang talatang 8 ngayon, mismo sa. . .ang huling bahagi ng talatang 8, habang tayo'y nagtatapos, kita n'yo.

*. . .kapangyarihan ay ibinigay sa kanila . . .*

340 Sino ang "kanila"? Kita n'yo? O sige. Anti-cristo, tinawag na "Kamatayan." "Ang Impiyerno ay sumusunod." Masdan ang kaniyang apat-na-layunin na pagkukunwari.

341 Anti-cristo, maputing kabayo; pumapatay sa pamamagitan ng espiritu, bilang anti-cristo; espirituwal na pagpatay.

342 Ikalawa, mapulang kabayo; pumapatay sa pamamagitan ng tabak; pulitikal na kapangyarihan, nang ang simbahan at estado ay nagkaisa.

343 Maitim na kabayo; mga kaluluwa, nang ipamahagi niya ang kaniyang doktrina, at ginawa niya roon sa pamamagitan ng kaniyang mga pakikiapid. At tinimbang niya ang kanilang pagkain, sa pamamagitan ng isang. . .ipinagbili ang kanilang . . .kung anong ibinibigay nila para sa pagkain, para sa isang timbangan, at ang mga pera, at kung anu-ano pa.

344 Ikaapat, isang maputlang kabayo; Walang Hanggang pagkakahiwalay mula sa Diyos. Muli, apat, kita n'yo. Oh, naku!

Papuri ay sa Diyos!

345 Ngayon, panghuli, dito sa pagtatapos. Doon sa mga... Mayroon ba kayong...Lagpas na ako sa oras, ngunit maaari n'yo bang bigyan ako ng mga sampung minuto pa? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Nakatanggap ako ng napakaraming mga tawag, sa araw na ito, tungkol—tungkol sa akin na nangungusap dito.

346 Mayroong napakaraming panatisismong nagpasimula, tungkol kay Elias, hanggang iyan na lamang ay...Ito'y—ito'y ipaggitgitan ng husto. At magagawa ninyong...Buweno, sadyang hayaang...Nawa'y tulungan ako ng Diyos na tulungan kayo na makita kung ano ang tinitingnan ko. Nais n'yo? Subukan lamang natin, kita n'yo.

347 Ngayon narito ang, sa pagtatapos, para doon sa mga hindi naniniwala na ang huling mensahero sa kapanahunan ng iglesya ay si Elias na propeta, isang taong pinahiran sa linyang iyan.

348 Pagkatapos ng kamatayan...Masdan. Pagkatapos ng kamatayan, ng huling kapanahunan ng iglesyang ito... Ngayon, pansinin ninyo kung anong naganap, kita n'yo. Pagkatapos ng kamatayan, ang mga patay nilang katawan ay nilamon ng mga mababangis na mga hayop. Alam n'yo iyan. Ngayon, iya'y totoo. Tulad ng sa kanila, mayroong pagtitipo kay Jezebel.

349 Ngayon bumaling sa Apocalipsis 2:18 at 20. Ako'y naniniwalang nakuha natin iyan ng mga ilang minuto pa lamang ang nakararan. Hindi ba? Oo, naniniwala akong kakukuha pa lang natin niyan. Naisulat ko iyan dito para sa ilang...Oo. Ang panahon ng pagkabulok ng moral, iyan nga kung ano ito noon. Nakita kung paano ito noon, paano nakapasok si Jezebel. Ngayon, si Jezebel ay ang mga iglesya, ang mga modernong iglesyang ito; hindi Nobya, ngayon. Si Jezebel, sa Lumang Tipan, ay isang tipo ng iglesya sa ngayon, sang-ayon sa Salita ng Diyos, sa Apocalipsis 2:18, 20.

> ...*na pinahintulutan mo ang babaing si Jezebel,* na tinawag *ang kaniyang sarili na isang propetisa,...*

350 Kita n'yo? Tama ba iyan? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Ngayon, iya'y tumipo ng tamang-tama kay Jezebel. Ngayon, ang unang...

351 Sadyang mabibigyan namin kayo ng Kasulatan at mga Kasulatan pa, kita n'yo, na ang huling kapanahunan ay isang maka-propetang Mensahe sa Iglesya, tinatawag silang pabalik sa orihinal na Salita. Ngayon pansinin. Tama ba iyan? [Kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sabi nga ng Malakias 4, at ng iba pa, Apocalipsis 10:7, at tuloy-tuloy pababa. Kita n'yo? Si Jesus Mismo ay inihula iyan, pababa, pababa, pababa. "Kung

paano ang nangyari sa mga kaarawan ni Lot," at kung anu-ano pang tulad niyan, at tuloy-tuloy pababa. Iya'y patuloy lamang na dumarating.

352 Si Jezebel ang tipo ng modernong iglesya ngayon pagka't ang Katoliko at Protestante ay pinagsama na ngayon. Wala—walang anumang pagpasok sa palibot nito. Pareho silang mga denominasyon, kaya ito'y sadyang—ito'y sadyang ina at kapatid na babae, iyan lang lahat. Sila ay nababahala at nagtatalo sa isa't isa, ngunit sila ay parehong bagay, parehong mga patutot. Ngayon, hindi ko iyan sinasabi sa aking sarili lang. Ako ay bumabanggit mula sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Kita n'yo? Tama.

353 Ngayon napansin natin, napatay sa pamamagitan ng isang utos ng Diyos, si Jezebel, ay napatay sapagka't pinababa ng Diyos si Jehu roon at ipinatapon siya sa labas ng bintana, at pinatay si Jezebel. At kinain ng mga aso ang kaniyang laman, (tama ba iyan?) literal na Jezebel. [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Si Ahab, ang kaniyang hari, ulo; hinimod ng mga aso ang kaniyang dugo, tulad ng inihula ng unang Elias. Nakita n'yo kung saan tayo tutungo, hindi ba?

354 Bakit? Ang unang Elias ay isang tinanggihang tao, ng mga iglesya. At si Jezebel at si Ahab ang ulo nilang mga iglesya, iglesya at estado, lahat magkakasama. At inihayag ni Eliseo ang mga kasalanan ni Ahab sa kaniya, at inutusan ang buong iglesya upang bumalik sa tunay na Salita.

355 Kung hindi iyan eksakto kung ano ang gagawin ng ikalawang Elias kapag siya ay dumating sa iglesyang ito sa araw na ito, "ipapanumbalik ang orihinal na Pananampalataya"! Hindi ko makita kung paano kayong magpupumilit lumayo mula Rito. Iya'y tama. Manumbalik sa totoong Salita! Iya'y tama.

356 Ngayon kung nais n'yong makita ang kanilang mga katawan, magbukas tayo rito sa Apocalipsis 19, matapos— matapos na patayin sila ng Salita. Ngayon, papatayin sila ng Salita. Alam n'yo iyan. Tama. Ngayon masdan lang ninyo at tingnan kung anong magaganap kapag si Cristo'y Dumating, sa Apocalipsis 19, simula sa ika-17 talata.

*At nakita kong nakatayo ang isang anghel sa araw; . . .*

357 Ngayon, iya'y pagkaraan mismo, tingnan sa bandang itaas dito, "At Siya'y nararamtan ng damit na tinubog sa dugo. At Siya ay tinawag na HARI NG HARI, AT PANGINOON NG MGA PANGINOON." Sa ika-13 talata, "Siya ay tinawag na ang Salita ng Diyos." Kita n'yo? Ngayon, narito Siya, "HARI NG HARI, AT PANGINOON NG MGA PANGINOON.

*At nakakita ako ng isang anghel . . .*

358 Ngayon pagmasdan. Siya'y lumabas.

*At sa kaniyang bibig ay lumalabas ang isang tabak na matalas, upang sa pamamagitan nito'y sugatan niya ang mga bansa:...*

359 Mula "sa Kaniyang bibig," tulad ng mula sa bibig ng Diyos patungo sa bibig ni Moises. Kita n'yo?

*...at kaniyang paghaharian ng tungkod na bakal: at...*niyuyurakan *niya ang pisaan ng ubas—* didiinan *ng kabangisan at* ng *kagalitan ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat.*

*At siya'y* mayroong isang pangalang... *nakasulat sa kaniyang damit at sa kaniyang hita, HARI NG HARI, AT PANGINOON NG MGA PANGINOON.*

*At nakita ko ang isang anghel...*

360 Ngayon pagmasdan. Ngayon Siya'y dumarating, nanunugat. Sino ang Kaniyang sinusugatan? Si Jezebel at ang kaniyang Ahab, bulaang propeta.

*At nakita kong nakatayo ang isang anghel sa araw; na siya'y sumisigaw ng malakas na tinig, na nagsasabi sa lahat ng mga ibon* ng hangin na *lumilipad sa gitna ng himpapawid, Halikayo at mangagkatipon sa hapunan ng dakilang Diyos;*

361 Ipinakain Niya sila sa mga hayop at mga ibon. Ngayon pagmasdan sa banda rito sa isa pang kabanata rito, ng Aklat ng Apocalipsis. At, sandali lamang, "Pumatay sa pamamagitan ng isang tabak, at kamatayan, at mga hayop ng lupa." Kita n'yo? Ang Jezebel na iglesya, ang kaniyang (totoong) katawan, ay kakainin ng mga ibon at mga hayop sa lupa. Sadyang tamang-tamang tulad ni Ahab at Jezebel, sa natural, kaya magiging ganoon din sila, sa espirituwal na anyo, isang iglesya. Nakita n'yo ba ang ibig kong sabihin? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Tama.

362 Si Elias...Oh! Si Elias ang propeta sa mga araw ni Ahab at Jezebel, sa natural. At siya ay ipinangakong gagawa ng gayon ding bagay, sang-ayon sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON, sa Salita, para sa Jezebel, espirituwal; ang kaniyang anyong Espiritu ng ministeryo.

363 Pagmasdan. Si Elias, kahit na, sa kaniyang araw, ganap at matinding pinagtibay, ay hindi sila maibalik sa Salita. Tama ba iyan? Kahit na, sinikap ni Elias, sa lahat ng bagay. Ginawa niya ang lahat ng bagay. Siya—siya'y nagpakita sa kanila ng mga tanda at mga kababalaghan; at sila'y nagtawa sa kaniyang mukha. Gayunding bagay na kanilang gagawin dito sa espirituwal, kita n'yo. Hindi niya sila maibalik sa Salita. Mula sa mga milyon...

364 Ngayon makinig, iglesya, makinig ng mabuti ngayon, kayo na medyo naguguluhan ng kaunti rito.

365 Mula sa milyun-milyon sa mundo, sa mga araw ni Elias, nang si Jezebel at si Ahab ay naghahari, sa—sa tipo ng kasalungat na tipo ngayon; mula sa buong mundo, mayroon lamang pitong daang naligtas, sa pangangaral ni Elias. Tama ba iyan? Iya'y tamang-tama.

366 Tingnan, hindi kailan man alam ni Elias na ni isa sa kanila ay ganoon ang paraan. Inisip niya na siya lang ang tanging isang naligtas, hanggang sa buksan ng Diyos ang isa mga Tatak at ipinakita sa kaniya ang hiwaga sa Aklat, na Siya'y may pitong daan na hindi kailan man yumukod sa kanila sa mga kredo na mayroon sila. Nang buksan ng Diyos ang Kaniyang Aklat kay Elias, sabi, "Ngayon sandali lamang, anak na lalaki. Ako'y mayroong pitong daan na naitago sa paligid, mula roon, na naroon ang kanilang mga pangalan sa Aklat simula pa ng itatag ang sanglibutan. Sila ay Akin." Whew! Binuksan ng Diyos ang mga Tatak.

367 Iyan ang dahilan palagay ko kung bakit si Juan ay sumigaw ng sumigaw noong isang gabi. Marahil ay nakita niya ang kaniyang pangalan Doon, kita n'yo. Kita n'yo?

Isang araw binuksan ng Diyos . . .

368 Si Eliseo, siya ay nangaral. Ginawa na niya ang lahat ng bagay, at—at—at ipinangaral ang nasa kaniyang puso. Ginawa niya ang lahat ng bagay na kaniyang magagawa, at nanatiling sila'y "nagtawa" lamang sa kaniya, tinawag siya ng lahat ng bagay, at sabi, "Ikaw ang dahilan ng lahat ng ito. Ikaw ay isang espiritista. Ikaw ang gumagawa ng lahat ng problemang ito upang dumating. Ikaw ang may sala," at lahat ng bagay tulad niyon. Sinabi niya ang lahat ng bagay sa kaniya. Nagbanta si Jezebel na puputulin ang kaniyang ulo, at lahat ng iba pang mga bagay. Iya'y tama. Lahat ng tao ay laban sa kaniya.

369 At pagkatapos ang sabi niya, "Panginoon, matapos na magawa ko iyan, lahat ng sinabi Mo sa akin na gawin! Ako ay nanatili ng eksakto sa Iyong Salita. Kapag may sinabi Ka sa aking anumang bagay, wala akong takot. Ako ay lumakad mismo sa harap ng hari, at lahat ng iba pang mga bagay, at sinabi sa kanila, 'GANITO ANG SABI NG PANGINOON.' At wala Kang sinabi sa aking isang bagay, at wala akong sinabi sa kanilang isang bagay, kundi kung anong naganap. At ngayon heto ako, ang tanging isang natira, mula sa buong lupon. Ako na lamang ang nag-iisang naiwan, at sinisikap nilang patayin ako."

370 Sabi ng Diyos, "Aking bubuksan ang isa sa mga Tatak at may ipakikita sa iyo." Ang sabi Niya, "Alam mo, Ako ay may pitong daan sa dako roon, na hindi kailan man nagluluhod ng tuhod sa . . . ni sumali sa anuman sa kanilang mga kredo, mga denominasyon. May pitong daan sa kanila na handa para sa Pagagaw, kita mo." Oh! Oh! Sinabi Niya sa Kaniyang propeta, kung saan Kaniyang inihahayag ang Kaniyang Salita, kita n'yo, sa

pamamagitan ng Kasulatan. "Ako'y may nakahandang pitong daan na mga pangalan pa, mula sa salin-lahing ito; pitong daan sa kanila. Hindi nila iniluhod ang kanilang mga tuhod sa kahit ano" (kung sasabihin ko iyan sa araw na ito) "mga relihiyosong mga organisasyon, at dumating na nahaluan ng mga kredo, sa kanila."

371 Nakita n'yo kung anong ibig kong sabihin? Kaya nga, iyan ay kailangan lamang maging ganoon. Kailangan lamang iyan na maging ganoon. At iya'y sang-ayon sa Salita. Kapag ang tao ay dumating sa kaganapan, siya'y magiging isang propeta. Sadyang kasing tiyak gaya ng pagtayo ko sa pulpitong ito. Kita n'yo? At siya'y mananatili mismo sa Salitang iyan. Hindi siya pasasakop para sa kredo ng sinuman o anupaman. Iya'y tama. Siya ay magiging tipong isang taong bundok, tulad nga kay Eliseo noon, siya. . . at tulad ng pagdating ni Juan. Kaniyang—kamumuhian niya ang mga kababaihan, (naku!) imoral na mga kababaihan! Whew! Naku, lalakad siya sa kanilang kalagitnaan! Ginawa iyan ni Elias, at gayun din si Juan. Kita n'yo? Kita n'yo? At siya'y magiging diretso mismo sa Salitang iyan. Siya'y magiging—magiging laban sa mga organisasyon. Organisasyon? "Huwag kayong mag-iisip na sabihin sa inyong mga sarili, 'Mayroon kaming Abraham na aming ama,' sapagka't sinasabi kong magagawa ng Diyos na mula sa mga batong ito ay makapagbangon ng mga anak kay Abraham." Kita n'yo? Sigurado nga.

372 Ngayon, hayan na kayo, mga kaibigan. Heto ang Ikaapat na Tatak, nabuksan. At ang mga mangangabayo ng apat na mga kabayo ay nahayag, sa abot ng nalalaman ko. Ngayon, ito ng ang lahat na naganap sa lupa.

373 Ang sumunod na Tatak, nakita natin, ay sa Kalangitan, kung saan ang mga kaluluwa ay nasa ilalim ng dambana.

374 Ngayon, sa pagtatapos, gusto kong sabihin itong dalawang. . . ilang mga salita lamang, mismo rito, isinulat ko. Tungkol sa nilaktawan natin, sa apat na mga Tatak na ito, unang apat na mga Tatak.

375 Ngayon, bukas ng gabi, ating—babaguhin natin ang kaganapan, mula sa mga bagay sa lupa na nagaganap. Siya'y tumingala rito at nakita ang mga kaluluwa sa ilalim ng dambana, ang isinakripisyong, dambana.

Sa susunod na gabi, ang pagpalo ng paghuhukom.

376 At sa ikaapat na gabi, o ang panghuling gabi, Linggo ng gabi, hindi ko alam kung ano. Hindi ko alam kung anong ibig sabihin ng iba pa nito. Binasa ko lamang sila, tulad ng inyong ginawa. Ngunit, "Nagkaroon ng katahimikan ng may kalahating oras," ngunit mayroong bagay na naganap. Inaasahan ko na ihahayag Niya Iyan. Gagawin Niya Ito. Kuntento akong gagawin Niya.

377 Kailangan nating tumungo, sa iba't-ibang dako ng Kasulatan, sa Apocalipsis 19, upang ipakita na ang Pagdating ni Cristo ang papatay sa anti-cristo. Iyan ang dahilan kung bakit kailangan ko nang iwan ang mga ito, kunin na lamang iyang dalawang talata. Kailangan kong tumungo sa iba't-ibang mga bahagi ng mga Kasulatan, upang patunayan ang mga bagay na ito. Kaya iyan ang dahilan na ako'y tumungo sa Apocalipsis 19, upang ipakita ang katapusan ng anti-cristo, ay magiging ang pagpatay; ni Cristo, kapag Siya'y dumating, papatayin Niya ang anti-cristo.

378 Sa Apocalipsis 10, upang ipakita na ang Mensahe ng ikapitong anghel ay magiging isang tao, sa mga huling araw na ito, pinahiran ng Diyos para sa isang ministeryo tulad ng tinaglay ni propeta Elias, tulad ng inihula sa Malakias 4, upang ihayag ang totoong Salita ng (orihinal) Diyos sa salinlahing ito, ang orihinal na Salita ng Diyos sa salinlahing ito. Tulad ng kaniyang ginawa sa natural na Jezebel, gayun din ang gagawin ng taong ito sa espirituwal na Jezebel, ang mga denominasyonal na mga iglesya. Kailangan kong tumungo sa ika-7 kabanata. . .sa ika-10 kabanata, sa 1 hanggang 7 mga talata, upang patunayan na ito'y tama. At sa banda ng Malakias, at Amos, at kung anu-ano pa, upang patunayan iyan.

379 Si Elias ay isang propeta na nanghula at tumuligsa kay Jezebel, sa partikular na salinlahing iyan.

380 At si Elias ay hindi kailanman namatay. Talagang hindi siya namatay. Siya'y muling lumitaw, mga walong daang taon ang nakalipas, sa tabi ni Jesus Cristo, sa Bundok ng Pagbabagong-anyo. Hindi siya patay.

381 Ngayon, natuklasan natin na papahiran ng kaniyang Espiritu ang isang tao, sang-ayon sa pangako ng Diyos, sa mga huling araw; ipinangakong gagawin ang katulad na bagay sa espiritung Jezebel, tulad ng ginawa nito sa natural na Jezebel, sa huling kapanahunan.

382 Iyan ang dahilan kung bakit ako'y—ako'y pumunta sa napakaraming bahagi ng Biblia, upang patunayan iyan, para hindi iyan mag-iwan ng isang katanungan sa inyong isipan. Kung mayroon man, hayaan n'yong malaman ko. Buweno, sulatan n'yo ako ng isang liham o isang maliit na sulat.

383 At ito'y walang kamali-maling nagkatugma-tugma, maging sa hayop na lalapa sa kanilang natural na mga katawan sa huling araw, uubusin sila tulad ng kanilang ginawa noon.

384 Sa abot ng kapahayagan ko, na ibinigay sa akin ng Diyos at inihula na ito ay magaganap, ito ang Katotohanan hinggil sa apat na mangangabayo, sa abot ng nalalaman ko.

385 Ano ang iniisip ninyo tungkol kay Jesus? [Kongregasyon ay nagsaya—Pat.]

Mahal ko Siya, Mahal ko Siya
Sapagka't una Niya akong minahal
At binili ang aking kaligtasan
Sa puno ng Kalbaryo.

386 Ngayon tandaan, na walang. . .(Iyan nga; magpatuloy; mabuti iyan.) Na walang sama ng loob tungo sa sinumang tao sa anumang organisasyon! Dahil, ang Diyos ay may mga anak sa sistemang Katoliko. Siya'y may mga anak sa sistemang Metodista. Siya'y may mga anak sa sistemang Baptist. Gaano karami sa mga iyon, lahat sila na iba't ibang mga sistema, ang inirepresenta rito ngayong gabi, na lumabas mula roon nang nakita ninyo ang Liwanag? Tingnan natin ang inyong mga kamay. [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Ngayon, tandaan, mayroong mga tao roon na sadyang katulad ninyo. Ngunit ito'y ang sistema na pumapatay, kita n'yo. Ito'y ang anti-cristong espiritu na sa kahuli-hulihan ay dinadala sila sa isang dako hanggang sa hindi na sila makikinig sa anumang Katotohan.

387 At alalahanin noong isang gabi, nang ako ay tumungo hinggil sa pagtatatak? Kung marinig ng isang tao ang tawag ng jubileo, at siya'y tumangging lumaya, siya'y dadalhin sa templo at isang pambutas ang mamarka sa kaniyang tainga. Ang tainga ay kung saan kayo'y nakaririnig. "At ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig." Kung gayon kung marinig niya Ito, at tinanggihang tanggapin ang kaniyang kalayaan, kung gayon siya'y. . .kailangang paglingkuran ang kaniyang panginoong maka-denominasyon sa nalalabi pa ng kaniyang buhay. Amen.

388 Oh! Oh, naku! Hindi ba Siya'y kamangha-mangha? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.]

Mahal ko Siya, Ako. . .

Itaas lamang natin ang ating mga kamay ngayon at sambahin Siya.

Sapagka't una Niya akong minahal (Kaluwalhatian!)
At binili ang aking kaligtasan
Sa puno ng Kalbaryo.

389 [Pinasimulang ihimig ni Kapatid na Branham ang *Mahal ko Siya*—Pat.] Ngayon iyukod lamang ang inyong ulo, at sambahin natin Siya habang inihihimig natin iyan. [Nagpatuloy si Kapatid na Branham na ihimig ang *Mahal ko Siya*.]

390 Panginoon, lubusan kaming nagpapasalamat! Ako'y galak na galak, Panginoon, maligayang maligaya para sa Iyo at Iyong bayan. O Panginoon, binili Mo ang aming kaligtasan sa Kalbaryo. Malugod naming tinatanggap iyan, Panginoon.

391 Ngayon subukin kami, Panginoon, sa pamamagitan ng Iyong Espiritu. At kung mayroon mang anumang kasamaan sa amin,

Panginoon, anumang di-paniniwala sa Salita, sinumang mga tao rito, Ama, na hindi sasang-ayunan ang bawat pangako ng Diyos ng isang "amen"; ang Banal na Espiritu nawa ay bumaba ngayon, ang Mangangabayo ng maputing kabayo, habang ang Kaniyang Espiritu, ang Espiritu ni Cristo, sa harap ng anti-cristo, at tawagin ang Sariling Kaniya. Tawagin silang palabas, Panginoon.

392 Nawa'y magsisi sila ngayon, lumapit kaagad sa Iyo at mapuspos ng Langis at ng alak; at mabago mula sa denominasyonal na balabal na iyan ng kamatayan ni Cain, patungo sa isang mala-niyebeng-puting kasuotan ng Buhay na Walang Hanggang, na ibinigay ng Kasintahang Lalaki. At pagkatapos sila'y tutungo sa Hapunan ng Kasalan isang araw, sa napagtibay na Salita ng pagkabuhay na mag-uli. Ipagkaloob iyan, Panginoon. Saliksikin ang mga puso, habang ang mga tao ay naghihintay sa Iyo. Sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus!

[Pinasimulang ihimig ni Kapatid na Branham ang *Mahal ko Siya*—Pat.]

393 Ngayon, saliksikin lamang ang inyong puso, kapatid kong lalaki, kapatid kong babae, kaibigan ko. Nakasama na ninyo ako sa mahabang panahon. Ito ay halos tatlumpu't-tatlong mga taon. Mayroon ba akong sinabi sa inyong anumang bagay sa Pangalan ng Panginoon na hindi naganap? [Kongregasyon nagsabi ng, "Wala."—Pat.] Saliksikin ninyo si Cristo ngayon habang kayo'y may pagkakataon. Ito'y maaaring dumating na kaagad-agad kung kailan hindi n'yo na magagawa iyan. Kita n'yo? Maaring iwan na niya ang luklukan, anumang oras, ng Kaniyang pamamagitan; pagkatapos maaari kayong umiyak ng buong puso ninyo, maaari kayong magpapadyak, maaari kayong magsalita ng iba't ibang mga wika, maaari kayong tumakbo ng paroo't—parito sa sahig, magagawa ninyo ang anumang bagay na naisin ninyo, at sumapi sa bawat iglesya sa mundo, wala na, wala nang pampaputi para sa inyong—inyong kasalanan. Pagkatapos anong gagawin mo, saan ka na kung gayon?

394 Buweno, naniniwala ako, ng buong puso ko, ang luklukan ay bukas pa. Naniniwala akong Siya ay nasa Trono pa ng Diyos. Ngunit malapit na Siyang tumayo ngayon, at dumating, upang kunin ang Kaniyang tinubos. Kaniyang ginagawa ang gawain ng Malapit na Kamag-anakang Manunubos, habang si Ruth ay naghihintay.

395 Ngunit malapit na, alam n'yo, matapos na magawa ni Boaz ang gawain ng malapit na kamag-anak, pagkatapos siya'y dumating at kinuha ang kaniyang pag-aari. At iyan ang eksakto na sinabi ng Biblia na Kaniyang ginawa, "Siya'y lumapit at kinuha ang Aklat." Pagkatapos ang pamamagitan ay nagtapos; Siya ay wala na sa Trono; wala ng Dugo pa sa Luklukan ng Awa. At pagkatapos ano iyan? Luklukan ng Paghuhukom.

396 Huwag hayaang masabi iyan, ilan sa mga araw na ito, "Akala ko ang Pag-agaw ay darating." At marinig ang Tinig na magsasabing, sasagot, "Ito'y tapos na." Tulungan kayo ng Diyos!

Ngayon iyukod natin ang ating mga ulo.

397 Kapatid na Neville, halika, para sa pagpapauwi o anumang kailangan ninyong gawin. Pagpalain kayo ng Diyos, hanggang bukas ng gabi.

*ANG KAPAHAYAGAN NG PITONG TATAK*
(The Revelation Of The Seven Seals)

Ang sampung Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham ay ipinangaral noong Marso 17 hanggang Marso 24, 1963, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., at *Ang Ikapitong Tatak* ay ipinagpatuloy noong Marso 25 sa Sherwood Motel. Dahil sa pagkaka-kalap ng mas malinaw at mas kumpletong orihinal na mga teyp, ang mga Mensaheng ito ay inayos muli batay sa pangkasalukuyang ayos. Bawat pagsisikap ay ginawa upang tamang-tamang mailipat ang berbal na Mensahe mula sa mga nakatalang magnetikong teyp tungo sa pahinang lathalain, at nalathala rito na walang bawas ng Voice of God Recordings.

Ang lahat ng karapatan sa aklat na ito ay reserbado. Ang aklat na ito ay hindi maaring ipagbili, ilathala muli, isalin tungo sa ibang mga wika, o gamitin para sa pangingilak ng mga pondo ng wala ang nasusulat na kapahintulutan ng William Branham Evangelistic Association.

TAGALOG

©1998 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org